


ANG TANDA

 Sa pagbabasa ng Salita. Para sa pagtatapos na gawain, ang dahilan kung bakit pinatatayo ko kayo...Hindi po ba't kapag pinatutugtog nila ang *The Star-Spangled Banner*, tumatayo kayo. Di po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Oo."—Pat.] Kaya bakit hindi natin gawin sa Salita ng Diyos? Ito po'y paggalang. Ngayon sa Aklat ng Exodo, sa ika-12 kabanata, simulan natin sa ika-12 talata, nais kong bumasa ng bahagi ng Kasulatan, sa ika-12 at ika-13 talata.

Sapagka't ako'y dadaan sa lupain ng Egipto sa gabing yaon, at aking lilipulin ang . . . mga panganay sa lupain ng—ng Egipto, maging tao at maging hayop; at . . . gagawa ng kahatulan: ako ang PANGINOON.

At ang dugo ay magiging sa inyo'y isang tanda sa bahay na inyong kinaroroonan; at pagka aking nakita ang dugo, ay lalampasan ko kayo, at walang salot na sasainyo na papatay sa inyo, pagkapanakit ko sa lupain ng Egipto.

2 Ang paksa ko ay: *Ang Tanda.*

3 Iyuko na natin ang ating mga ulo ngayon. At sa Kanyang pagtigil sa sagradong sandaling ito, bago natin Siya dulugan ng pananalangin, may kahilingan ba kayo na nais n'yong tugunin ng Diyos sa hapong ito? Itaas n'yo lamang ang inyong mga kamay at kapag naitaas n'yo na, mangyaring pagnilayan n'yo sa kaibuturan ng puso n'yo ang nais n'yong gawin Niya. Saan man kayo naroon sa gusali, pagnilayan n'yo po ang nais n'yong gawin Niya.

4 Makalangit naming Ama, Ikaw ang Diyos na di nagbabago, at idinadalangin po namin sa Iyo na dinggin nawa ang aming panalangin, sa hapon na ito, habang—habang itinataas namin ang aming mga kamay. At Iyo po ring napapansin na ang aking mga kamay ay nakataas, din naman. At ang kahilingan ko po, na nais kong marinig ng buong madla, ay, Panginoon, Iyo pong pagalingin ang bawat taong nandito sa araw na ito, iligtas ang bawat taong naliligaw. Ngayon, Iyong sinabi na, "Kung inyong hihingin sa Ama ang anuman, sa Aking Pangalan, yaon ay gagawin Ko." Ngayon, Panginoon, Iyo pong tulungan kami na makapanampalataya nang may paglalakip bilang isang sama-samang bahagi, ng nagsisipanampalatayang mga anak. Ikaw ay mangusap sa pamamagitan ng Iyong Salita, Panginoon. Ang Iyong Salita ay Katotohanan. Iyo pong pagpalain ang aming mga puso.

5 Pinasasalamatang Ka namin dahil sa pagtitipong ito. Pinasasalamatang Ka namin dahil kay Kapatid na Grant, at

sa lahat ng mga manggagawa, at lahat ng kaiglesyahan at mga tao rito. At sa lahat ng iyong nagawa para sa amin, Panginoon, kami nga'y lubos-lubos ang pasasalamat sa Iyo. Ama, marami sa amin dito ang di na namin makikita pang muli ang isa't isa ngayon, hanggang sa magkita-kita uli kami sa kabilang ibayo. Maaaring ito na ang pinaka huling gawain na madadaluhan namin sa mundong ito. Pumarito nawa ang Espiritu Santo at pagpalain kami nang sama-sama, maigawad nawa sa amin ang aming mga pangangailangan. Sa Pangalan ni Jesus kami nga'y dumadalangin. Amen.

Makakaupo na kayo.

⁶ May maliit na pad po ako rito, may mga isinulat ako ritong ilang Kasulatan at maliliit na bagay. Noon po'y nagagawa kong makabisa ang bagay-bagay sa isip ko, pero heto't lampas beinte singko na ako, alam n'yo, ito po'y, pangalawang beinte singko ko na. At mangyaring hindi na ako nakakatanda di gaya nung araw, at maraming mga nakatakdang pagtitipon at mga bagay-bagay, at marami ring dapat gawin.

⁷ Ang paksa natin sa hapon na ito'y: *Ang Tanda*. Ang bungad ng tagpo natin ay sa Egipto. Napakagandang tagpo nga nito, nais kong makita n'yong lahat ito at maging mapitagan lang sa abot ng makakaya n'yo. Egipto ang pangyayarihan ng tagpo, at ang panahon ng tagpo ay dun lamang sa pagsisimula ng exodo.

⁸ At, ngayon, ito'y tipo ng panahon ngayon, gaya ng makikita rito, dahil tayo'y humaharap din sa isa na namang exodo. Itong pagpapalabas ng Diyos sa Israel mula sa Egipto, patungo sa lupang pangako, ito'y tipo ng pagpapalabas ni Cristo sa Nobya mula sa iglesya, patungo sa Lupang pangako. Tayo'y nasa isang panibagong exodo. Ngayon kung pag-aaralan n'yong maigi ang Kasulatan, sapat lang kasi ang oras natin para matalakay 'yung mahahalagang bahagi, pero 'yan nga'y totoo. Tayo ang . . . Kung papaanong naglabas ang Diyos ng isang bayan mula sa isang bayan, ilalabas din ng Diyos ang Nobya mula sa iglesya. Ang Nobya ay tatawagin mula sa lahat ng kaiglesyahan. Ito nga'y ang hirang ng Diyos, na ilalabas. At halos nandiyan na tayo sa exodong 'yan ngayon, dahil nasa atin na ang bawat nakabatay sa Kasulatang mga patunay na nakatayo na tayo mismo roon. Ngayon, alam kong lagi na itong sinasabi't maraming beses na nga, pero, kaibigan, darating ang panahon na sasabihin na ito sa pinaka huling pagkakataon. Ang oras ay paparam sa Walang Hanggan sa mga sandaling 'yan. Siya'y darating upang kumuha ng Nobya palabas ng iglesya.

⁹ Ang tanda ang siyang bagay na naging kaibhan sa pagitan ng Egipto at Israel, ng dalawang bansang ito. Lahat nga sila'y mga tao, pareho silang nilikha ng Diyos, pareho silang gawa ng Diyos, pero, ang pagkakaiba ay nung ipataw na ang kabayaran

ng kamatayan, ang pagkakaiba ng buhay at kamatayan ay ang tanda.

¹⁰ At ito rin ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng Diyos, sa panahon na kukunin na Niya ang Nobya palabas ng iglesya, ang magiging kaibhan nga ay yaong Tanda. Ngayon, makinig po kayong maigi sa hapon na ito, at tingnan n'yo kung hindi pa ba ito ang katotohanan. Ang tanda nga ang magiging kaibhan. Kinakailangan kasing magkaroon ng pagkakaiba.

¹¹ Hahatulan ng Diyos ang sanlibutan, isa sa mga araw na ito. kung tatanungin ko ang mga Katoliko, sino kaya ang hahatulan Niya, sa anong batayan kaya Siya hahatol? Sasabihin nga nila, “sa iglesya.” Anong iglesya? “Iglesya Katoliko.” Aling iglesya Katoliko, maraming iba't iba? Sasabihin naman ng Methodist, “sa pamamagitan ng Methodist,” kung ganoon tapyas na ang mga Baptist. Mangyari ring, kung hahatol ka sa pamamagitan ng iglesyang Baptist, lahat ng iba pa'y tapyas na. Sasabihin din ng mga Pentecostal, “sa pamamagitan ng Pentecostal,” kung ganoon tapyas na ang lahat ng iba. Kita n'yo, magiging magulo, masyadong magulo, masyadong maguguluhan lang ang isip mo, kung iisipin mo na ganito.

¹² Subalit may paraan nga rito ang Diyos na sinabi Niyang sa paraang ito Niya hahatulan ang sanlibutan, di sa pamamagitan ng iglesya Katoliko, di sa pamamagitan ng iglesya Protestante. Bagkus hahatulan Niya ang sanlibutan sa pamamagitan ni Jesus Cristo, at si Jesus ang Salita, hayan nga't tumutugaygay 'yan pabalik sa mismong Biblia uli. Kita n'yo? Hahatulan Niya ang sanlibutan sa pamamagitan ng Biblia. At ang Biblia ang Aklat ng paghatol ng Diyos, ang kumpletong kapahayagan ni Jesus Cristo, na walang kahit anong maaaring maidagdag o maibawas mula Rito; ang kaparusahan sa paggawa nun, ay aalisin ang iyong pangalan mula sa Aklat ng Buhay. Kaya't manatili lamang sa Aklat, at ipanalangin sa Diyos na gawin tayong kabahagi Nun.

¹³ Ngayon nalaman natin, ang tanda, ano nga ba ang tanda? Ang tanda ay isang palatandaan na nabayaran na ang halaga, itong tanda nga. Katulad na lang dito sa mga riles ng tren natin at mga bus, dinadala natin ang pera natin at dun sa istasyon tayo pumupunta. Ngayon, kita n'yo, sa mga bus hindi nga dun pinapayagan, sa mga lugar na ito na ginagamitan ng token, di sila pinapayagan dun na tumanggap ng pera. Di nila puwedeng tanggapin ang pera, token kasi ang tinatanggap dun; sabihin na lang natin, sa eroplano, o saan pang lugar. May partikular na lugar kang dapat puntahan, na bilihan ng token, at dun ka bibili, gamit ang iyong pera, mula sa iba't ibang token dun, ng isang partikular na token. At ang token na ito ang magiging palatandaan na nabayaran mo na ang pamasaha mo. May karapatan ka na ngayong sumakay ng barko, sumakay ng eroplano, sumakay ng bus, o saan pa man, basta't hahawakan mo lang ang token na 'yan para ipakita na ang—na ang biyahe

mo'y nabayaran na. Ngayon tandaan n'yo 'yan. Huwag n'yong kalimutan.

¹⁴ Ang pinatay na kordero ng Israel ang . . . ang hinihingi ng Diyos bilang kabayaran. Si Jehovah ay humihingi ng korderong papatayin, isang hahalili na walang sala. At katulad nga ng mga tinalakay natin sa buong sanlinggong nagdaan, haya't ang Diyos po, sa tuwing gumagawa Siya ng isang pagpapasya, di Niya 'yun binabago kahit kailan. At noon ay gumawa Siya ng daan, unang bagay na ginawa Niya noong bumagsak ang tao, gumawa Siya ng daan para maipanumbalik ang tao, mangyari kasing ninais Niyang tubusin ang tao, at ang ginawa Niyang pagpapasya noon ay ililigtas Niya ang tao sa pamamagitan ng Dugo ng Isang walang sala. At sa kailan-kailanpanman ay ito't ito pa rin ang Kanyang ginagawa. Hinding-hindi Niya 'yun binago. Walang dako na kakatagpuin ng Diyos ang sinumang mananamba, maliban lamang sa ilalim ng Dugo. Yun lamang ang natatangi Niyang dako.

¹⁵ Kaso ang ginagawa nati'y pinagpipilitan nating katagpuin Siya sa ilalim ng teolohiya natin, sa ilalim ng denominasyon natin, sa ilalim ng pang-edukasyon nating mga programa. Ang iba pa nga'y nagsipagtayo ng mga tore't ang iba'y mga siyudad, may Babilonia at—at may tore ng Babel, at lahat ng sari-saring bagay. Pero kailanma'y di 'yun mababago, kakatagpuin lamang ng Diyos ang tunay na mananamba sa ilalim ng Dugo. Hinding-hindi Niya 'yun babaguhin. Hindi nga tayo maaaring lahat ay Methodist, lahat tayo'y Pentecostal, lahat tayo'y *ganito*, *ganoon*, o *anupaman*, may mga hindi tayo pinagkakasunduan. Pero kung ako nga'y lalapit sa isang tao, maski Katolikong pari pa siya o anupaman, kung siya'y nasa ilalim ng Dugo kami'y magkapatid, hindi ko alintana saanman siya nabibilang, basta't nasa ilalim siya ng Dugong iyon.

¹⁶ Ngayon, ang korderong pinatay ng Israel ang hinihingi ni Jehovah bilang kabayaran, at 'yung dugo ang tanda na tapos na ang gawa. Ang Diyos nga'y humingi bilang pagtutubos, mula sa Egipto, mailabas patungong lupang pangako, humingi Siya ng hayop na pinatay. At ang hayop na 'yun ay kailangang . . . Yung dugo nung patay na hayop na 'yun ay kinakailangang mailagay sa itaas ng pinto at sa mismong pintuan, at tatayo 'yun bilang tanda na 'yung bagay na hinihingi ni Jehovah ay tapos nang gawin. Kita n'yo? Ngayon, hindi nga 'yung kordero ang tanda, 'yung dugo ang tanda. Ngayon, ang buhay ay kumawala na dun sa hain, at ngayon ang dugo ay naging tanda. Ang Kanyang mga tagubilin ay naisakatuparan na. Tatayo bilang tanda ang dugo, palatandaan na ginawa na nung mananampalataya nang eksakto kung ano ang hinihingi. Iyon ang tanda. Sige, makikita natin diyan sa mananampalatayang, sumasamba, na nagkaroon na siya ng pagkakakilanlan dun sa hain na kanyang inihandog. Kita n'yo?

17 *Heto* nga 'yung bahay, at mananamba, ano 'yung hinihingi? “Pumatay ng isang kordero. Sa ikalabingapat na araw matapos itong maipatupad, isang—ising lalaking kordero na walang sala, ang kinakailangang patayin ng buong Israel, at kukunin ang dugo gamit ang hisopo at ilalagay 'yun sa itaas ng pinto.”

18 At, siyanga pala, ang hisopo ay simpleng damo lamang. Ang ibig sabihin ng *hisopo* ay “inyong pananampalataya.” May mga tao kasing pinipilit nilang magkaroon ng pakitang-gilas na pananampalataya, 'yan tuloy ang dahilan at napapalampas n'yo ang kagalingan n'yo. Ang pananampalataya ay simpleng bagay lamang. May pananampalataya kayo sa tuwing pupunta kayo sa simbahan. May pananampalataya kayo sa tuwing lalakad kayo sa labas. May pananampalataya kayo sa tuwing paaandarin n'yo ang kotse n'yo. May pananampalataya kayo sa tuwing kakain kayo ng hapunan n'yo. Ganoon nga dapat ito, simpleng pananampalataya lamang. Ngayon upang maipahid ang dugo, ipinapahid ito gamit ang hisopo, na isang simpleng damo na pangkaraniwang tumutubo sa kung saan-saang dako sa Palestina, ipinapakita nga riyon na ang pananampalataya na gagamitin para ipahid ang dugo ay di isang pakitang-gilas na bagay na kinakailangan mo raw magtaglay ng lahat ng klaseng digri sa pagiging doktor para maipahid mo 'yun. Simple't, pang araw-araw na pananampalataya lang, para makasampalataya sa Diyos. Kita n'yo? “Ipahid n'yo ang dugo,” sa pamamagitan ng pananampalataya, “gamit ang hisopo.”

19 Ngayon, ang mananamba, ngayon, na makikita sa ilalim ng dugong ito, ay nagpapakita na isinakatuparan na niya ang hinihingi ni Jehovah, at ang mananamba'y napagkikilanlan na. Ipinapakita nung tanda na siya'y napagkikilanlan na doon sa korderong pinatay na hinihingi ni Jehovah. Tapos na ang gawa. Napakainam ngang tipo 'yan ng panahon ngayon, ni Cristo at ng mananampalataya. Kapag ang Tanda ay nalalantad na sa mananampalataya, ipinapakita nga Nito na tinanggap na 'yun at ang gawa ay natapos nang gawa.

20 Kaya, ang dugo ay isang tanda ng pagkakakilanlan, itong dugo mismo. Tumulo ang dugo ng hayop, namatay, at ang dugo nito'y nasa pader. Ngayon, ang buhay ng hayop, ay nandun sa dugo. At ang buhay ay nandun nga sa dugo, alam natin 'yan. Sinasabi 'yan ng Biblia, at pinatutunayan din 'yan ng siyensiya, na ang buhay ay nasa dugo. Kaya naman kapag ang hayop ay papatayin, at ang buhay ay inihiwalay na mula dun sa hayop, ang dugong kinakailangan ay yaong kemistri dapat ng dugo, na tatayo bilang tanda. Dahil, ang buhay na nasa dugong 'yun ay di maaaring bumalik sa mananampalataya, dahil ito'y buhay ng hayop.

21 At ang buhay ng hayop at buhay ng tao ay magkaibang-magkaiba. Wala ngang, walang kahit anong pagkakapareho. Kumuha ka, kumuha ka ng dugo ng hayop at isalin mo 'yun

sa iyo, mamamatay ka. Kaya nakita n'yo, tayo, isa nga—isa nga 'yung ibang buhay na nasa dugo ng hayop kung ikukumpara sa bagay na 'yun na nasa dugo ng tao, dahil ang tao'y mayroong kaluluwa. Ang hayop ay walang kaluluwa.

²² At ngayon, ibig sabihin, 'yung dugo mismo, intindihi n'yo po itong maigi, 'yung pulang kemistri na 'yun, kemikal na nasa dugo, tatayo nga 'yun sa may pinto, bilang tanda na namatay ang isang kordero, ngayon, dahil ang buhay nung kordero ay di maaaring bumalik sa taong mananamba. Pero ngayon. . . Isa po lamang itong tipo.

²³ Ngayon hindi 'yung kemikal na Dugo ng Panginoong Jesus, na ating Cordero, bagkus 'yung Buhay na naroon sa Dugo, ang Espiritu Santo. Bumabalik Ito at ito'y Tanda na tinanggap na natin at ginanap na natin nang eksakto ang sinabi sa atin ng Diyos na gawin. At ngayon, sa pagkakaroon na natin ngayon ng Tanda, tayo'y napagkikilanlan na dun sa ating Hain. Ganap na ganap. Wala na akong nakikitang iba pa na mas lalinaw pa rito. Kita n'yo?

²⁴ Ang tanging paraan lang para masabi ng isang tao na ang isang bahay ay nabibilang, din, na nasa ilalim ito ng dugo, ay dahil dun sa kemistri ng dugo na nasa mga pinto. Lalampasan sila, titingin kasi dun 'yung Anghel ng kamatayan at dapat makita dun 'yung dugo. Ngayon, heto't isa nga uli itong, tipo ng Espiritu Santo.

²⁵ Ngayon, kita n'yo, hindi maaaring literal na Dugo ni Jesus ang mapapasa atin, dahil kung ganun kakailanganin Niya nang masyadong maraming Dugo sa Kanyang Katawan. At tumulo pa nga 'yun, palabas ng Kanyang katawan, tumulo dun sa lupa, dalawang libong taon na ang nakakaraan; kaya di maaaring 'yun mismo ang Tanda. Yung Buhay, 'yung Buhay na naroon sa Dugo, 'yun ngayon ang Tanda. Patutunayan ko 'yan sa inyo, sa ilang minuto, sa pamamagitan ng Biblia. Yun 'yung Tanda na mapapasa bawat isa sa atin, upang ipakita na napagkikilanlan na tayo sa ating Hain, at naisakatuparan na natin ang hinihingi ni Jehovah.

²⁶ Sinabi ni Pedro, sa Araw ng Pentecostes, “Mangagsisi kayo, bawat isa sa inyo, at mangagpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo. Sapagkat sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nasa malayo, bawat isa na tawagin ng Panginoon nating Diyos.” Kita n'yo, hindi lang basta pagpapakita sa kanila. “Bawat isa na tawagin nga ng Panginoon.”

²⁷ Marami ang nag-iisip na tinawag sila. Pero ang bawat isa'y “ang Panginoon” ang tumawag! “Yaong mga nang una pa'y Kanyang nakilala, ay tinawag Niya; ang lahat ng tinawag Niya,

ay inaring-ganap Niya; ang lahat ng Kanyang inaring-ganap, ay Kanyang niluwalhati,” tapos na.

²⁸ At ngayon kung kukuha ka ng isang taong di naniniwala na ang Espiritu Santo ay para sa panahong ito, nakikita n’yo ba ang ginagawa nila? Tinatanggihan nila ang Tanda na siyang pinaka pahiwatig na ika’y may kaugnayan sa Hain na iyong inihahain. Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin? Napaka simple lang nito kung titingnan n’yo lang sa—sa paraan na isinulat ito ng Diyos ngayon. Dinala tayo ng Dugo at tayo na ngayon ay . . . ipinapakita ang—ang pagpapahiwatig ng Espiritu Santo, na siyang Buhay.

²⁹ Ngayon, ang buhay ng hayop ay di maaaring bumalik sa tao, dahil di sila magtutugma, ang buhay ng hayop ay walang kaluluwa. Ang buhay ng tao ay mayroong kaluluwa. Di alam ng hayop na siya’y hubad. Di niya alam ang tama sa mali. Siya, siya’y may ano lang. . . Siya’y may—may espiritu, pero walang kaluluwa. Ngayon alalahanin n’yo, hayan nga, ang kaluluwa ang kalikasan ng espiritu, siyanga.

³⁰ Ngayon masdan, haya’t nung ang Buhay ng ating Hain, si Jesus Cristo, nung ang Dugo Niya’y nabubo. Siya ay Diyos, na nakapaloob sa isang Tao. Ngayon, bumaba nga Siya mula sa pagiging Jehovah, upang mapagkilanlan ang Sarili bilang tao, upang ianyo ang Sarili sa hubog ng tao, upang mapagkilanlan tayo sa Kanya. Siya ang Cordero ng Diyos. At sa loob Niya, kung saan ang Dugo . . .

³¹ Ngayon alam kong may ilang nagsasabing, “Dugong Judio Siya.” Maririnig n’yo ang mga Judio na sinasabi ’yan. Hindi Siya dugong Judio, at di rin Siya dugong Gentil. Siya ang Dugo ng Diyos. Wala nga Siyang kahit anong Judiong. . . Hindi Siya Judio o Gentil. Siya ang Diyos. “Isang—isang—isang birhen ang maglilihi.”

³² Ngayon, alam kong marami sa inyo at mga Protestante ang iniisip na ’yung itlog ay nanggaling kay Maria. At ’yung—’yung hemoglobin na nanggagaling, ang buhay ay nanggagaling dun sa selulang dugo. Dahil, ang isang inahing manok ay maaaring mangitlog, kahit walang pagniniig sa lalaking manok, pero di ’yun mapipisa, dahil hindi ’yun nasibulan. Ang buhay ay buhat sa dugo, na nanggagaling sa kasariang lalaki. Pero sa kasong ito walang kasariang lalaki, kaya, “ang buhay na nasa dugo,” ay kinakailangang manggaling sa Diyos lamang, at Siya nga’y lumikha ng selulang Dugo sa sinapupunan ni Maria. Ang Diyos Mismo, ang Manlilikha Mismo, ang gumawa ng selulang Dugo. Ngayon tingnan n’yo. Sinasabi nila, “Buweno, ’yung katawan dapat ’yun. Kaya kay Maria ang itlog.” Hindi, po. Di galing sa babae; wala ni itlog. Kung itlog nga ’yun, hindi mo puwedeng ilakip ang semilya nang walang sensasyon. At kung Kanyang,

ang babae ay nagkaroon ng sensasyon, ano sa palagay n'yo ang ginagawang 'yun ng Diyos?

³³ Kapwa Niya nilikha ang itlog at Dugo. Ganoon nga Siya mismo. "Nahihipo natin ang Diyos," 'yan ang sabi ng Biblia. Unang Timoteo 3:16, "Walang pagtatalo dakila ang hiwaga ng pagka-Diyos: ang Diyos ay nahayag sa laman. Nahihipo natin Siya ng ating mga kamay." Ang katawan na 'yun ay Diyos. Tunay, iyon nga. Siya'y Diyos buong-buo, sa anyo ng isang tao.

³⁴ Ngayon mapapansin natin dito, na 'yung selulang Dugo na 'yun na nahapak, ay lumabas dun ang Diyos. "Ang Diyos kay Cristo, ay pinagkasundo ang sanlibutan sa Kanya." Na, walang kahit sinong iba ang makagagawa, walang ibang paraan ang uubra; kinailangan ang banal na Dugo, Mismo. Kinailangan ng Diyos na bumaba't maging tao, upang batahin ang Sarili Niyang kautusan. Kung si Jesus ay isang propeta lamang, isang taong nahiwalay sa Diyos, ang Diyos nga'y hindi matuwid.

³⁵ Kung sasabihin ko, "Hayaan nating si Kapatid na Grant ang mamatay para sa kung anong pagkakasala ni Billy na siya namang dapat mamatay dahil dun, o kung anupaman, bilang kabayaran," hindi nga 'yun magiging makatarungan. Kung ang sarili ko namang anak ang mamamatay para sa kaparusahan na ako mismo ang nagpataw, di rin 'yun makatarungan. May nag-iisang matuwid na katarungan lamang akong magagawa, 'yun ay humalili sa puwesto niya, kung nais kong maligtas siya.

³⁶ At ang Diyos nga'y kinakailangang maging laman, upang kunin ang puwesto ng makasalanan; ang Diyos nga mismo'y nahayag sa laman, wala nang iba pa kundi ang Diyos Mismo. Ngayon, heto na nga Siya, nahayag sa laman, upang kunin ang kasalanan ng sanlibutan. At Kanyang ipinakilanlan ang Sarili sa atin, upang tayo'y magkaroon ng pagkakakilanlan sa Kanya. Nakikita n'yo ba ang kahalagahan nun?

³⁷ Ngayon nalaman natin na 'yung pagkakakilanlan natin sa ating Hain, 'yung Buhay nung Hain na 'yun ay napasa atin, ito ngang Espiritu Santo. Nung ang selulang 'yun ay nahapak, inilabas nun ang Diyos, inilabas ang Diyos, nang sa gayon ay Kanyang mapaging banal ang isang bayan sa pamamagitan ng Sarili Niyang Dugo at ilagay ang Diyos sa tao muli. Ang Diyos sa inyo, Buhay na Walang Hanggan!

³⁸ At kahit sinong mag-aaral ng Griyego ay nalalaman ang salitang 'yan, na ang Buhay na Walang Hanggan, ay galing sa salitang Z-o-e, *Zoe*, na ang ibig sabihin ay "Mismong Buhay ng Diyos." Siyanga. Ang natatanging paraan lang upang ikaw ay magkaroon ng Buhay, hayan nga't may nag-iisang anyo lang ng Buhay na Walang Hanggan, at 'yun ay ang Mismong Buhay ng Diyos na nandiyan sa inyo. Kita n'yo? Kaya naman mayroon ka na nitong Buhay na Walang Hanggan, dahil Siya lamang ang isang Walang Hanggan. At tayo'y mga katangian ng Kanyang

kaisipan, bago pa man magkaroon ng pagtatag ang sanlibutan o anupaman. Lahat nga ng ito'y Kanyang kaisipan, at tayo ang kahayagan ng Kanyang mga kaisipan kung ano nga 'yun.

³⁹ At kinakailangan Niyang bumaba upang kuni't alisin ang kasalanan. Walang ibang makakagawa nun. Walang kahit sino ang karapatdapat para gawin 'yun. Walang ibang makakagawa nun kundi Siya lamang, at Kanya 'yung ginawa. At nung ang Buhay ay lumabas mula sa katawang 'yun, na Tao, ang Anak ng Diyos; 'yung kapangyarihan Niya para lumikha ay gumawa ng isang gusali, gaya ng sinupamang kontratista, nagtayo ng gusali na Kanyang nilukuban, Mismo. Ginawa 'yun ng Diyos.

⁴⁰ At pagkatapos nung ang buhay na 'yun ay kinuha, 'yung Dugo, 'yung kemistri Nito, ay nabubo sa lupa, katulad nung dugo ni Abel na nabubo rin sa lupa. Pero mula sa Dugong 'yun ay lumabas ang Espiritu Santo ng Diyos, at 'yun ay ipinadala sa tao sa Araw ng Pentecostes, upang maging pagkakakilanlan sa Hain na namatay para sa kanila. Walang ibang paraan sa mundong ito para matamo natin ito. Isang positibong Tanda!

⁴¹ Tingnan n'yo, kung kayo'y nagkasala na ang kabayaran ay kamatayan, at alam n'yo na hahantong kayo sa silya elektrika. At tandaan n'yo, ang tanggihan . . .

⁴² Dallas, pakinggan n'yo! Ang tanggihan ang Dugo ni Jesus Cristo, ang Tanda ng Kanyang Dugo, kung nakita n'yo na Ito at tinanggihan n'yo pa Ito, kayo nga'y haharap sa Paghatol na ang Dugo Niya'y nasa inyong mga kamay. Makasalanan, miyembro ng iglesya, tandaan n'yo 'yan.

⁴³ Ano kaya kung si Lee Oswald ay naranasan niya 'yun, na ilang araw siyang balisa, at pinagpapawisan siya nang husto sa harap ng Korte Suprema na dapat niyang harapin; at alam nga niya, na dahil sa pagpatay niya sa Presidente, ay walang kahit katiting na awa, ano kaya ang pakiramdam nung lalaking 'yun sana! Tiyak na kahindik-hindik 'yun. Haya't di niya naranasan 'yun, dahil may lalaking bumaril sa kanya bago pa. Pero isipin n'yo nga 'yung uupo ka dun sa harap ng galit na galit na Korte Suprema, habang nasa kamay mo ang dugo ng kababayan mo, ang Presidente ng Estados Unidos! Magaan pa nga 'yan kung tutuusin, para sa mga taong pinalampas lang ang Dugo ni Jesus Cristo, sa sandaling tatayo ka na dun sa pinaka korte ng Diyos. Pagpapawisan kayo sa takot kung alam n'yo lang. Si Oswald nga'y ang nangyari lang sa kanya'y nawaksi siya sa buhay niya rito sa lupa, pero ang Diyos nga'y iwawaksi kayo nang mapasa Walang Hanggan palayo sa Kanyang Presensya. Magiging kahindik-hindik na bagay ito. Pansinin.

⁴⁴ Kung kayo nga'y haharap sa mga korte, na kayo'y may sala talaga, kinakailangan mong maghanap ng pinaka magaling na abogadong mahahanap mo. Ganun ang gagawin ng kahit sino.

45 At bawat tao na naisilang sa mundo, wala akong pakialam gaano mang kaganda ang tahanan na pinagmulan niya, siya'y may sala sa Dugo ni Jesus Cristo hanggang sa tanggapin niya ang kapatawaran para rito. At ang natatanging paraan para malaman mo na tama ang kapatawaran, ay kapag inilagay na ng Tanda ang Sarili Nito sa inyo, at taglay n'yo na ang Tanda.

46 Pansinin, sa pagkakasala mo, haya't kinakailangan mong maghanap ng pinaka magaling na abogadong mahahanap mo para iapela ang kaso mo. At kung ako'y haharap sa Paghatol ng Diyos, hindi ako magdadala ng pari dun, hindi ako magdadala ng tao dun; titiyakin kong ang dadalhin ko dun ay ang pinaka magaling na abogadong mahahanap ko para iapela ang kaso ko.

47 Hayaan n'yong sabihin ko ito, sa inyo, mga kaibigan kong Cristiano. Ang abogado natin ay ang siya ring tagahatol natin, at ang hahatol sa atin—sa atin ay naging abogado natin. Ang kaso ay naresolba nung tanggapin natin ang kapatawaran Niya sa atin. Ang tagahatol Mismo ay bumaba at naging abogado, at ang abogado't tagahatol ay ang siya ring iisang Tao. Ang Diyos ay naging tao, nang sa gayon ay mapawalang-sala Niya ang tao sa pamamagitan ng Kanyang Sariling kamatayan na ipinataw Niya sa kanya. Hallelujah! Ang ibig sabihin nun, ay purihin ang ating Diyos! Nararapat sa Kanya ang lahat ng papuri. Ang tagahatol natin at abogado ay siya ring iisang Tao.

48 Ang Espiritu Santo ang Tanda na tayo nga'y pinatawad na. Sarado na ang kaso. Sa bawat lalaki't babae na tunay ngang tumanggap na ng bautismo ng Espiritu Santo, siya'y nilitis na, siya'y may pagkakakilanlan na sa abogado niya, sa tagahatol niya, sa haing handog niya, at ang Tanda na hawak-hawak na niya't pag-aari na ay nagpapakita na bayad na ang biyahe niya patungo sa Kaluwalhatian. Amen. Tapos na. Hawak-hawak na niya ang Tanda na 'yun. Pag-aari na niya 'yun, ang bautismo ng Espiritu Santo, na siyang saksi ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus. Amen. Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Yan ang pagkakakilanlan n'yo, na hawak-hawak n'yo na ang Tanda.

49 Ngayon kung hindi n'yo pa hawak ang Tanda na 'yun, hindi ka makakapasok. Kinakailangan kasing taglay mo 'yung Tanda na 'yun. Yun ang hinihinging kabayaran, "Pagka Aking nakita ang dugo, ang dugo ang tanda. Pagka Aking nakita ang dugo, ay lalampasan Ko kayo." Kinakailangan n'yo ang Tanda. Kung wala, aba, hindi kayo makakapasok. Kinakailangan taglay n'yo ang Tanda.

50 Kung ang tanda ay hindi hayag, hindi nakikita dun, maging 'yung tipan ay di 'yun iiral. Sasabihin n'yo, "Buweno, ngayon, Kapatid na Branham, teka nga muna sandali." Ganun nga 'yun mismo.

51 Ang tanda ay mas mataas sa tipan. Mangyari ngang ang Israel ay may tipan ng pagtutuli, at bawat Judio nga'y maaari siyang lumabas at patunayan 'yun sa kahit sino, "Kaya kong patunayan sa'yo na tuli ako, isa akong Judio, tuli ako alinsunod sa utos ni Jehovah," pero hindi nga siya nun mapapawalang-saklaw kung ang tanda ay wala rin dun. Kinakailangan niyang maipakita ang tanda na 'yun. Nakukuha n'yo ba? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kanyang. . . Kinakailangan na 'yung tanda'y nandun, ano't anumang. At kung ikaw nga'y nasa tipan. . . Kung may Judiong magsasabi, "Hindi ako maglalagay ng dugo sa pinto ko, mapapatunayan ko kasi na Judio ako sa tipan," aba'y patay siya sa Anghel ng Kamatayan. Kahit gaano pa siyang katapat, gaano pang kabuting miyembro sa iglesya, gaano pang kalaki ang naibibigay niyang ikapu, gaano pang kadalas ang pagsambit niya na nananampalataya raw siya kay Jehovah; ang hinihingi nga ni Jehovah ay 'yung tanda na 'yun.

52 At 'yun din ang hinihingi Niya, ngayon. Mangyari ngang ganoon din. Mangyari talaga, "Sapagkat walang daan sa ilalim ng Langit, walang ibang pangalan ang ibinigay sa anumang paraan," kahit gaano ka pang kabuti, gaano pang katapat. Ang Tanda na 'yun ay kinakailangang naroon, at maipakita.

53 "Yung dugo," sasabihin mo, "buweno, pinatay ko na 'yung kordero at inilagay ko sa loob ng tapayan. Itinago ko sa likod dito." Hindi 'yun ang sinabi Niya. Kinakailangang mailagay 'yun sa itaas ng pinto't sa dako ng pintuan. Kinakailangan na maipakita 'yun.

54 At kinakailangang makita sa buhay mo na ang Tanda ay nandyan nga sa iyo. Oh, kayong mga Pentecostal, ano ba 'yang pinag gagagawa n'yo? Putol ang buhok, de kolorete ang mukha, ang mga lalaki nama'y, mahahalay ang biro at kung anu-ano pa, nasaan diyan ang pagpapakita na ang Dugo ng Panginoong Jesus Cristo ay ang Tanda ng Espiritu Santo? Kayo'y, may anyo lang ng kabanalan, at binabansagang "pangkukulam" at lahat na, itong mga pagkilos ng Diyos, na "pangkukulam." Papaano n'yo ba dapat ipinapakita ang tanda?

55 Sasabihin nila, "Ako'y Pente- . . ." Wala akong pakialam kung ano ka man. "Ako'y Baptist. Ako'y Pres- . . ." Wala akong pakialam ano ka pa man. Kinakailangang nandun mismo 'yung Tanda na 'yun. Iyon ang hinihingi ng Diyos, at wala nang iba kundi 'yun lang.

56 Sasabihin n'yo, "Buweno, may digri ako sa pagkadoktor." Wala akong pakialam gaano pang karami 'yang digri mo. Ang hinihingi ng Diyos ay 'yung Tanda na 'yun, at Iyon lang. Yun ang palatandaan na ang daan mo'y nabayaran na. Hindi Niya iintindihin 'yang mga patunay nang pag-aaral mo't kung anu-ano pa. Ang hinihingi Niya ay 'yung Tanda na 'yun.

57 Sasabihin ng nagmamaneho ng bus, “Aba, teka, hindi ko ’yan token.”

58 Sasabihin nung tumatao sa eroplano, “Buweno, pumunta ka muna dun.” Yung tiket ang pinaka token. Pupunta ka dun at sasabihin mo sa piloto, “Heto po, gusto ko pong makasakay sa eroplano n’yo. Magkano po ba?”

“Pumunta ka muna dun at kumuha ng token.”

“Oh, babayaran na lang kita.”

59 “Di ko puwedeng tanggapin ’yan. Hindi ka makakasakay ng eroplano ko hanggang sa makapunta ka roon at bayaran ang halaga at kumuha ng token. Token ang hinahanap ko.”

Sasabihin n’yo, “Buweno, nakapag-eskuwela naman ako. *Ganito* ang nagawa ko. Ganoon . . .”

60 Wala akong pakialam ano man ’yang mga nagawa mo, ang kinakailangan mo ngang taglayin ay ’yung Tanda o hindi ka makakasakay. Amen at amen. Hindi pa ba n’yo nakikita? Ang hinihingi ng Diyos ay ’yung Tanda. “Pagka Aking nakita ang dugo, ay lalampasan Ko kayo kapag Aking nakita ang tanda.”

61 Kung hindi Iyon naipakita, walang bisa ang tipan. Haya’t ganap na masasabi ng isang Judio at mapapatunayan pa niya na ang sarili niya’y isang—isang tuling Judio, madadala niya ang mga kapatirang lalaki sa tabi’t masasabi, “Tingnan n’yo, tuli ako.” Wala nga ’yung magiging bisa.

62 Sasabihin n’yo, “Ako’y Methodist. Ako’y Baptist. Ako’y Pentecostal. Ako’y *ganito*. Ako’y *ganoon*.” Wala ’yang magiging kabuluhan dun.

63 Kinakailangan na taglay mo ’yung Tanda. At kapag ang Tanda’y dumating na, pinapatotoo Nito si Cristo. Sinabi Niya na magiging ganoon nga Ito. At si Cristo ang Salita. At paano n’yo nga maitatangi na ang Biblia’y totoo, na bahagi Nito, at nagagawa pa rin n’yong sabihin na taglay-taglay n’yo ang Tanda, samantalang ang Tanda ay yaong pagpapatotoo mismo ni Jesus Cristo? Kita n’yo, diyan nga ako nagtataka.

64 “Oh,” sasabihin, “hindi ako naniniwala, naniniwala akong lipas na ang araw ng himala . . .” Oh, mag-ingat kayo, walang Tanda sa ganyan. Ang Tanda kasi’y sasang-ayon nang may diin sa bawat Salita ng “amen,” lahat-lahat, dahil ’yun Mismo ang Diyos. Kita n’yo? Sige.

65 Pero kung wala talaga dun ang tanda, ang tipan nga’y hindi iiral. Mapapawalang-bisa ’yun. Ganoon din sa ngayon! Kahit gaano pa—gaano pa n’yong ipagdiinang sabihin, kahit gaano pa n’yong ipagdiinang sabihin, “Ako’y sumasampalataya sa bawat Salita rito sa Biblia,” sasabihin, “Kapatid na Branham, kaya kong—kaya kong bigkasin sa iyo nang walang tinginan ang kalahati nitong Biblia, itong buong Biblia mismo, mula sa puso. Sinasampalatayanan ko ang bawat katiting na bahagi Nito.”

Magaling kung ganun. Nagagawa rin 'yan ni Satanas, siyanga. Uh-huh. Kaya kinakailangan talaga ang Tanda!

⁶⁶ “Buweno, Kapatid na Branham, tadtad ng mga diploma ang dingding ko. May Batsilyer ako sa Sining, tapos may digri pa ako sa pagkadoktor, at may LLD. pa kamo sa Latin. At, oh, nakapagsulat pa ako ng mga libro. Nagawa ko 'yung ganito. Nagawa ko ang lahat. Nagawa ko—nagawa ko ang sari-saring mga bagay.” Wala akong pakialam. Ayos lang naman 'yan, pero kinakailangan mo ngang taglayin ang Tanda. Ang Tanda, dahil Tanda ang siya pa ring hinihingi!

⁶⁷ Sasabihin n'yo, “Ako'y mag-aaral ng Biblia. Ako'y—ako'y mabuting tao. Ako'y *ganito*, *ganoon*.” Marahil napakainam nga n'yan, lahat ng 'yan ay mabuti naman, pero kinakailangan pa rin ang Tanda!

⁶⁸ Ngayon, nakahanda na ngang tumama ang kamatayan sa Egipto anumang oras, at sa gayundin ang kamatayan ay handa na ring tumama sa bansa anumang oras.

⁶⁹ Anna Jeanne, sa palagay ko 'yung tatay mo, ang nagsabi ng pahayag na ito noon. Gustung-gusto ko 'yun. Sabi niya, “Alam mo, itong bansang ito, sa gayunding mga pagkakasala, kung palalampasin lang ng Diyos ang Amerika sa ginagawa nitong ganun, Siya'y maoobliga sa pamantayang 'yun na ibangon ang Sodoma at Gomora at humingi ng paumanhin sa kanila, dahil sa pagsunog sa kanila.” At tama 'yun.

⁷⁰ Alalahanin n'yo, ang Israel nga'y nagbayad sa bawat sala na ginawa nito, at ganoon din tayo. Gaano na bang kaluwag tayo ngayon? Higpitan n'yo ang kagayakan! Manumbalik kayo sa Diyos, iglesya! Hindi lang natin sinasabi ang mga bagay na ito para maiba tayo. Sinasabi ko ito sa inyo para magbabala. Maniwala kayo!

⁷¹ Nakaumang na ang kamatayan at tatama na. Ipinakita na sa kanila ng Diyos ang Kanyang biyaya at Kanyang habag, sa pamamagitan ng mga tanda at kababalaghan (ganun din Siya ngayon bago ilabas ang Iglesya), pero sa kabila nun ay wala pa ring paghahangad sa kanila na magsisi't maniwala sa mensahe.

⁷² Kita n'yo, may mensahe nga muna bago ilabas ang iglesya. Lagi ngang mayroon. Ganun din ngayon. Bawat espirituwal na pangyayari ay tanda na nanggagaling sa Diyos. Naniniwala ba kayo riyang? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Kung paanong ang Mensahe, may tanda muna at pagkatapos may Mensahe na kasunod nung tanda. Sinabi ng Diyos kay Moises, sabi, “Kung hindi nila paniwalaan ang tinig ng unang tanda, marahil ay paniwalaan nila ang tinig ng pangalawang tanda.”

⁷³ Ngayon, kung may nakikita kayong mga tanda na umiiral, at wala namang mensahe sa likod nun, bagkus 'yun at 'yun pa rin na mga matatandang eskuwelahan ng teolohiya't ganun at ganun pa rin, hindi nga 'yun galing sa Diyos. Pero kung saan may tanda na

ipinapakita, kinakailangan ngang may Mensahe na kasunod ito. Ngayon tingan n'yo. Nung dumating noon si Jesus sa eksena . . .

⁷⁴ Nabibingi ko po yata kayo? O marahil sa nangangasiwa ng mikropono rito, parang umaalingawngaw ang tunog nito. Baka masyadong malakas lang. Gusto ko pong makuha n'yo sana ito.

⁷⁵ Nung dumating noon si Jesus sa eksena, wala Siya noong sinasabi masyado sa mga tao nung una, kaya gustung-gusto ng lahat na makapunta Siya sa iglesya nila. "Oh, itong binatang Propetang ito, nagagalak kami na mapaunlakan Niya kami." Nagpapagaling Siya noon ng mga maysakit. "Oh, luwalhatiin ang Diyos. Nagbangon ang Diyos ng dakilang Lalaki sa gitna natin." Mainam 'yun. Kaya isang araw ay dumako na sa . . . Yun ang tanda Niya.

⁷⁶ Sinabi ng Isaias 35 na magkakaroon ng tanda. "Lulukso ang pilay na parang usa," at iba pa, "makakakita ang bulag." Ganoong tanda.

⁷⁷ Ipinakita Niya ang Kanyang tanda ng pagiging Mesiyas, at iba pa. At ang mga tao roon, marami sa kanila, ang sabi, "Oo, paniwalang-paniwala kami rito." Buweno, ngayon, kung 'yun 'yung tanda, kinakailangan ngang may kalakip na tinig 'yung tanda na 'yun. Ano ang tinig sa likod nun? Yaon ngang simulan Niyang ituro ang Kanyang turo't aral at tawagin silang mga kumpol ng ahas sa damuhan. Mula noon ay di na Siya naging popular, kita n'yo, noong dumating na 'yung tinig na kalakip nung tanda. Nauna 'yung tanda.

⁷⁸ Si Moises ay nagtungo sa Egipto taglay-taglay ang isang tanda. At nung maihagis niya sa lapag ang kanyang tungkod, naging ahas 'yun. Yun 'yung tanda. Pero pagkatapos nga nun, dumating ang tinig na kalakip nung tanda. Mula noon ay nag-iba na ang situwasyon. Kita n'yo, ayaw na nila 'yun. Ang—ang tinig, ay kinakailangang, sumunod sa isang tanda. At walang ibang panahon na maaari 'yung dumating kundi 'yung panahon lang na 'yun, dahil 'yun ang panahon kung kailan matutupad ang Kasulatan. Pansinin n'yo 'yung sinabi Niya sa kanya, dun sa nagniningas na kahoy, "Nakita ko ang hibik at narinig sila na Aking bayan, at nakita ang pagpapakasakit sa kanila ng mga nagpapahirap sa kanila doon sa Egipto, at naalala Ko ang Aking pangako na ipinangako Ko kay Abraham." Naubos ang apatnaraang taon, at sinabi Niya kay Abraham na mapupunta sila dun. Kita n'yo, walang ibang panahon na matutupad 'yun. Kinakailangan ni Moises na pumunta dun sa takdang oras na 'yun.

⁷⁹ Ang tik-tak ng malaking orasan ng panahon ay sakto sa oras. Hindi 'yun maaaring maaga nang isang minuto o atrasado ng isang minuto. Kinakailangang saktong-sakto 'yun sa oras. Buweno, hayan nga, nakita n'yo, tumatakbo ang lahat ng bagay

nang saktong-sakto sa panahon, hindi maaaring dumating sa ibang panahon.

⁸⁰ Hindi rin maaaring ang mga bagay na ito rito'y darating sa ibang panahon. Hindi ito maaaring dumating sa panahon ni Luther. Hindi ito maaaring dumating sa panahon ni Wesley. Sa panahon ng mga Baptist at Methodist, sa panahon nila, hindi nga ito maaaring dumating noon dun. Sa panahong ito kasi ito darating. Ang Israel ay kinakailangang maging bansa. Ang mga iglesya ay kinakailangang ganyan ang kondisyon nila sa kung ano ang kondisyon nila ngayon. Kinakailangang magkaroon ng ikatlong mensahe, ng ikatlong kapanahunan ng iglesya. May Laodicea dapat muna. Hindi nga ito mabubuo hangga't di pa muna dumarating ang Pentecostal at maubos nila ang lahat nilang maibubuga, at lumabas dun at mag-organisa, at gawin ang ginawa nilang 'yun. Tapos darating na ito, tapos darating ang Panginoon, kapag itinaboy na nila Siya sa labas ng iglesya. Siya ang Salita.

⁸¹ Takot ang mga taong ito na hamunin ang Salita saan mang dako. Tahimik lang sila sa bagay na Ito, pero reklamo naman nang reklamo sa loob nila sa bagay na ito.

⁸² Sa Chicago, di pa katagalan, noong magbigay sa akin ang Diyos ng isang pangitain. Nasa tatlong daang ministro ang nasa harap ko noon sa dakong 'yun. Sabi ko, "Ngayon alam ko ang iniisip n'yo. . . Tungkol dito sa binhi ng serpiyente, at iba pa," Sabi ko, "sige't kunin ng isa sa inyo ang kanyang Biblia at lumapit dito't tumayo sa tabi ko at pabulaanan ito." Aba'y sila na ang pinaka tahimik na grupong maririnig mo kahit kailan. Sabi ko, "Kung ganun ay tigilan n'yo ang panunuligsa sa likod ko." Kita n'yo, labas kasi 'yun sa napag-aralan nilang kaisipan.

⁸³ Tapos, sasabihin nila, "Si Kapatid na Branham ay isang propeta kung nasa kanya ang pahid, pero kapag wala na sa kanya ang pahid, oh, di ko mawari." Anong. . . Kung di pa ba naman 'yan yaong tanda ng—ng—ng—ng pagiging balimbing na teologo! Yung mismong. . .

⁸⁴ Yung mismong ibig sabihin ng *propeta* ay "Makalangit na tagapagpahayag ng Salita." Ang Salita ng Diyos ay dumarating sa mga propeta. Sa ganoong paraan napagkilanlan si Jesus. At sinabi ng mga taong 'yun doon pagkatapos ng pagkabuhay na mag-uli, ang sabi nila, "Alam naman naming propeta Siya ng Diyos, kita n'yo, wala kasing kahit sinong tao ang makakagawa ng mga bagay na gaya nun maliban na lang kung ang Diyos ay nandun mismo sa taong 'yun," tapos di naman matanggap ang mensahe Niya. Ni hindi nila matanggap si Juan, at siya'y isang propeta. Di matanggap-tanggap si Elias, ni isa man sa kanila, at ang mga lalaking ito'y may Makalangit na kapahayagan.

⁸⁵ Ang salitang, ang Ingles na salitang, *propeta*, sa Ingles kasi maaaring ang kahulugan ng salitang ito, ang ibig sabihin

ay “isang mangangaral.” Pero kapag ang tinutukoy n’yo ay ’yung *propeta*, ng matandang Biblia, ang ibig sabihin nga nun ay “isang tagakita.” At mapagkikilanlan siya, hayan nga, sa kung anong sabihin niya ay nangyayari, at tanda nga ’yun na siya’y isang propeta; siya rin ay may tanda na taglay-taglay niya ang Makalangit na kapahayagan nung nasusulat na Salita. At tapos pinagtitibay ’yun ng Diyos, na nasa likod niya, pinatutunayan ’yun.

⁸⁶ Papaano? Buweno, kinakailangang mangyari ito sa paraan na dapat itong mangyari, ganun lang ’yun. Wala kasing paraan para paikutan ito. Sinabi ng Diyos na ganoon ang mangyayari, at kaya hayan nga kayo. Pero heto na ito ngayon, kita n’yo, ang Tanda na ’yun ay kinakailangan na naroon, na pinakikilala ang Salitang ’yun at ginagawa ’yung ganap na totoo. Pagkatapos ’yung mismong pagkakapangako Niya, mismong paghahanda Niya sa Kanyang buong bayan na nauukol sa lupang pangako, ngayon, haya’t magpapangyari nga Siya ng isang exodo rito, na isang tipo.

⁸⁷ Ngayon susubukan ko pong matapos sa loob ng susunod na labinlima, dalawampung minuto, sa Mensaheng ito. Pansinin n’yo pong maigi ngayon, gusto ko pong makuha n’yo ito, dahil baka hindi ko na kayo makita pang muli sa susunod, kita n’yo.

Ngayon, pagmasdan n’yo kung papaano Niya inihahanda ang Kanyang bayan.

⁸⁸ Ilan ang nakakaalam na hinding-hindi Niya binabago ang Kanyang mga pamamaraan? Hindi Niya binabago. [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Siya’y . . . ngayon kahit tingnan n’yo pa sa Biblia ay hindi Niya talaga ’yun binabago. Hindi, po.

⁸⁹ Papaano Niya inihanda ang bayan? Una, nagsugo Siya ng propeta na may kalakip na tanda, si Moises. Tama po ba? [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] At ang tanda na ’yun ay may kalakip na mensahe, at ang mensahe’y “maghanda na,” dahil palabas na sila’t patutungo na sa lupang ipinangako. Kaya hayan ngang may pagkakakilanlan na Siya, sa propetang ’yun, sa pamamagitan ng Liwanag na nasa ibabaw ng propeta. May Haliging Apoy na sumusunod-sunod sa propetang ’yun, alam po natin ’yan, naglakbay dun sa ilang kasama ni Moises. Naunawaan natin ’yan. At pagkatapos nga’y nagbigay Siya ng tanda bilang pagtitiyak sa mga tao na hindi sila dapat matakot, mabalisa o kabahan; noong sabihin Niya, “Pagka Aking nakita ang tanda, lalampasan Ko kayo.”

⁹⁰ Masdan n’yo itong ginawa Niya rito. Unang-una naghanda Siya ng isang tanda, isang mensahero, may pagkakakilanlang mensahe, pagkakakilanlan nung mensahero, at tanda bilang pagtitiyak na ang paglalakbay ay bayad na. Patungo na sila noon sa lupang pangako.

⁹¹ Ganyan na ganyan mismo ang ginawa Niya ngayon! Ano ba ang ginawa Niya? Ipinadala Niya sa atin ng Espiritu Santo. Ang Espiritu Santo ang Mensahero, at ang pagkakakilanlan na nababatay sa Kasulatan kung ano nga ba Siya ay ipinakilala na Siya sa kalagitnaan natin, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. At ang Tanda na 'yun ay katiyakan. Kaya ano pang ikinatatakot natin? Bayad na ang ating paglalakbay at tayo'y napagkikilanlan na sa ating Hain. Hindi Niya kayo maaaring biguin. Ipinangako na Niya ito. Tayo'y mayroon nang pagkakakilanlan.

⁹² Ang paglabas ng Israel mula sa Egipto, gaya ng sabi ko, ay katulad ng—ng paglabas ng Nobya mula sa iglesya. Nung si Moises ay pasimulan niya ang kanyang pagmi-ministeryo noon, ang buong Israel ay nagtipon sa Gosen, para manalangin at sumamba, mismo, galing sa iba't ibang panig ng Egipto. Yan na 'yan ang gagawin ng Nobya, manggagaling sila sa lahat ng 'yun na mga Oneness, Twoness, Threeness, at lahat ng iba't iba pang klase. Lalabas. Kinakailangan nga. Ngayon mababasa natin dito sa Mga Hebreo saHeto po tayo ngayon, ang una nating dapat pagtuunan ng pansin dito, nanggaling mula sa lahat ng hiwa-hiwalay na dako, “Magsilabas kayo sa gitna ng kawalang pananampalataya.” Ngayon ipinangako ng Espiritu Santo na tatawag sa ganitong paraan sa huling mga araw, “Magsilabas kayo sa gitna ng mga di nananampalataya.” Pansinin.

⁹³ Makikita natin dito sa Mga Hebreo 10:26, naisulat ko 'yun dito, ang sabi nga rito, “Kung ating sinasadya ang pagkakasala pagkatapos na ating matanggap ang pagkilala sa Katotohanan, wala nang hain pa tungkol sa mga kasalanan,” kita n'yo, kung sasadyain n'yong hindi manampalataya.

⁹⁴ Ngayon kung itutuon n'yo lang ang pansin n'yo rito, dito sa sasabihin ko rito, bigyan n'yo lang ako ng kaunting panahon para mailarawan ko ito nang tama sa inyo. Naramdaman ko kasi sa Espiritu, na hindi 'yun natumbok nang tama. Kita n'yo? Pansinin.

⁹⁵ Heto nga noon ang mga Hebreo, nasa paglalakbay nila sa dakong 'yun. Pumili ang Diyos ng labindalawang lalaki, o si Moises pala'y pumili, sa gabay ng kamay ng Diyos, ng mga paparoon at para tiktikan ang lupain; at babalik, para magdala sa pagbalik nila ng tanda mula sa lupain. At nung makabalik na sila, sampu sa kanila dun ang nagbalik na halos mamatay sa takot. “Aba,” sabi nila, “ang mga Amalecita sa dakong 'yun, aba'y mistula tayong tipaklong sa kanila.” Nung sina Josue at Caleb naman ang nagbalik, dala-dala ang katunayan, “Kaya natin ito!”

⁹⁶ Kita n'yo, ganyan ang mga mananampalatayang hanggang hangganan lang. Dumaan din naman sila sa mga iba't ibang bagay, at nanggaling sa iglesya, at umanib sa iglesya, at sa mga

pagbabautismo at ganoong mga seremonya. Pero pagdating sa tatawid na para kunin ang Tanda, ang katunayan na naroon talaga ang Tanda, ang mismong Buhay . . . na si Jesus Cristo'y hindi patay. Ibang dimensyon 'yun. Doon Siya nakatira. Narito Siya't kapiling na natin, narito nga Siya mismo sa atin ngayon. Pagdating sa ganun, "ah," hindi nila mapani-paniwalaan 'yun. Masyadong mahirap para sa kanila, kita n'yo. At tumalikod sila, at sila'y, bawat isa sa kanila, ay namatay sa ilang, walang kahit isa sa kanila ang nakatawid. At, kita n'yo, kung tayo'y di manampalataya, tayong mga Methodist, Baptist, Presbyterian!

⁹⁷ Sana'y nakaupo ngayon dito ang dati kong tagapagturo. Si Doktor Roy E. Davis, marami nga sa inyo ang nakakakilala sa kanya, dito sa Fort Worth, marahil nakaupo siya rito ngayon. Tandang-tanda ko pa 'yun nung pinag-uusapan namin ang mga bagay na ito, maraming, maraming taon na ang nakararaan. Siya ang nagbautismo sa akin sa pananampalataya, sa iglesya ng Missionary Baptist.

⁹⁸ At bumaling nga, kayo rito, ngayon, kung tayo'y . . . kung—kung tayo'y makarating na sa pinaka hangganan nung Lupain, magsasabi, "Buweno, luwalhatiin ang Diyos, nakapagsasalita ako ng iba't ibang wika, hallelujah." Hindi 'yun 'yun. Kung makapagsasabi nga kayo, na di n'yo sinasampalatayanan ang Salita na 'yun, haya't may kung anong bagay na mali nga diyan sa karanasan n'yo. Kita n'yo?

⁹⁹ Ang dapat mong gawin ay dumiretso ka dun sa Lupain at saksihan mo kung anong nandun. Makikita mo dun na si Jesus ay nagbangon na. Siya'y nasa piling na natin. Kapag narinig mo na dun ang Salita na kasunod nung mensahe, at di mo pa rin Iyon pinaniwalaan, alam mo ba ang mangyayari? Haya't nangamatay sila mismo sa ilang. "Kung ating sinasadya ang pagkakasala pagkatapos na ating matanggap ang pagkakilala sa Katotohanan, ay wala nang haing natitira pa tungkol sa mga kasalanan." Iyon ang sinasabi sa atin ng Aklat ng Mga Hebreo.

¹⁰⁰ At ngayon masdan n'yo, yamang nakikita na natin ngayon ang mga dakilang tanda ng huling panahon dito sa lupa, na ipinangako Niya, hindi ba't higit na babala 'yan sa atin na ang oras ay nalalapit na. Tigilan n'yo na ang di pagsampalataya. Maglakip-lakip na tayo. Kinakailangan nating ibigin ang isa't isa at manampalataya, at ibukod ang ating mga sarili mula sa sanlibutan.

¹⁰¹ Pansinin n'yo, hindi lang sila dun minarapat na maglakip-lakip para mag-umpukan at pag-usapan ang mensahe. Hiningi sa kanila na pumasok dun, magpasailalim sa dugo. Hindi lang basta sasabihin, "Alam n'yo, sinabi sa atin ni Moises. Sinabi sa atin ng mensahero, ang sabi niya, sinabi niya sa atin na dapat nating taglayin ang dugo. Ano sa palagay n'yo, mga kasama?"

Hindi ganun. Kunin mo 'yung kordero't patayin, at kunin mo 'yung dugo't ilagay 'yun dun sa itaas!

¹⁰² Marahil magagawa nating dumalo't maupo at sang-ayunan ang Salita, at lahat na, pero kung hindi naman natin taglay ang Tanda, ano ang mabuting maidudulot nun sa atin? Wala nga. Kinakailangan mong magpasailalim Dito. Wala Siyang naging pananagutan sa sinuman noon na wala sa ilalim ng dugo. At kaya wala rin Siyang pananagutan sa kahit sinuman, ngayon, na wala dun sa ilalim ng Tanda.

¹⁰³ Ang buong sambahayan, ligtas lamang sila kung sila'y nasa ilalim nung tanda, at 'yung tanda na 'yun ay nakikita. Buong sambahayan po. Naniniwala ba kayo roon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sa panahon ngayon ay dapat lamang na alalahanin natin 'yan, mga kasambayanan. Ang mga anak natin!

¹⁰⁴ At ito ngang walang kabuluhan na bagay ng mga kabataan at rock-and-roll, at itong mga bagay na nakikita natin, at lahat nitong Beatles at bugs, at alam n'yo ba na ang lahat ng bagay na 'yan ay binabanggit na rito sa Aklat, sa Biblia? Nababanggit nga 'yan sa Apocalipsis. Siyanga, nababanggit 'yan dun. Kung paanong ang mga tao, sila, sila'y—sila'y . . . sila, sila, kita n'yo, sila, sila'y walang . . . Sila'y patay. Hindi sila babangon. Di sila kailanman naging Walang Hanggan. Ni wala nga sila dun sa Kaisipan, kaya sila'y maglalaho. Sila'y mabubura kailanman, ganap na mapupuksa. Paparusahan sila nang mahaba-habang panahon, dahil sa kanilang ginawa, haya't ang anumang bagay na may pasimula ay may katapusan.

¹⁰⁵ Yaong mga bagay lamang na walang pasimula, ang walang katapusan. May nag-iisang anyo lamang ng Buhay na Walang Hanggan. Iisang anyo lamang ng Buhay na Walang Hanggan, at 'yan ang sinisikap nating makamit. Pansinin.

¹⁰⁶ Josue, ika-2 kabanata ng Josue, nakapakinig 'yung babaing Gentil na isang patutot, at ang kanyang sambahayan, at dinala sila sa ilalim nung pulang lubid, na siyang tanda mula sa mga mensahero ni Josue. Kinilala nung Anghel ng pagkawasak ng Diyos ang tanda na 'yun, at 'yun lamang ang kinilala, doon sa siyudad. Yun lamang ang hiningi ng Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod, na anupa't tanging 'yung tanda lang na 'yun ang hiningi ng Diyos, at 'yun lamang. Hindi kinilala kung alkalde man 'yun ng bayan, kung pinakabanal na tao ng bayan, kung sumilong man sila sa pinakamalaking simbahan sa bayan, ang buong siyudad ay bumagsak maliban dun sa bahay na 'yun. Ang Diyos, tanging, 'yung tanda lang na 'yun ang kinilala.

¹⁰⁷ Pansinin n'yo, nakapakinig naman ang Jerico tungkol sa Diyos na gumagawa ng mga dakilang bagay, pero hindi nila inintindi 'yung babala.

108 Ganun din ito sa mga tao ngayon na nakakapakinig naman tungkol sa mga bagay-bagay na ginagawa ng Diyos sa nakalipas na ilang taon, pero hindi nila 'yun inintindi. Itong dakilang kapangyarihan ng biyaya't mga tanda, gaya nga nung ipinangako Niya, "kung paano ang nangyari sa mga araw ng Sodoma, ay gayon din naman ang mangyayari ngayon." Haya't ipinangako nga Niya na magaganap ang bagay na ito! Tingnan n'yo 'yung nangyari dun sa Sodoma. Tandaan n'yo, hayan nga ang tanda ng Sodoma. Pero ang mensahero ng Malakias 4, ay "pagbabaliking-loob ang puso ng mga tao sa mga magulang, pentecostal na mga magulang, pabalik sa Biblia." Hindi nga maaaring magkaroon ng ibang Biblia, na iba. Ito na mismo ang buong kaphayagan ng Diyos.

109 Tapos may magsasabing, "Buweno, sa bahaging ito haya't naniniwala nga ako *rito*, pero di ko lang alam sa isang Yan."

110 Ang tunay na mensahero ng Diyos ay panunumbalikin kayo sa buong Bagay mismo! Kita n'yo? Pansinin, 'yan ang ginagawa ng Espiritu Santo, ang panumbalikin kayo sa bawat Salita ng Diyos.

111 Naipakita na ang Kanyang biyaya, paghatol na Niya ang kasunod. Marahil panatag na panatag sila noon na ligtas sila sa naglalakihan nilang mga gusaling denominasyon na taglay nila sa Jerico, pero nalaman nilang di 'yun umubra.

112 Marahil may ilan dun na . . . marahil sa kung anong paraan ay nakapasok sila, nakapasok 'yung dalawang lalaking 'yun, at sinabi nilang dalhi't paglakip-lakipin ang mga predestinadong binhi para magsama-sama. At 'yung babae . . . haya't ginamit niya ang kanyang bahay para maging simbahan, at tinanggap ang mga mensahero; at pagkatapos ay tinipon niya ang lahat sa kanyang bayan, na sasampalataya, sa ilalim ng tanda.

113 Nag-iisang babae sa buong napakalaking pamamalakad na 'yun dun! Nag-iisang hamak na babae, at di kaaya-aya ang kanyang reputasyon, marahil isa pa nga siyang itiniwalag na miyembro sa bawat simbahan sa siyudad, subalit naniwala siya roon sa mensaherong 'yun dun. At 'yung mensaherong 'yun ay nag-iwan ng tanda, nang palatandaan, at kinilala ng Diyos ang tanda na 'yun. At ganoon din 'yun sa panahon ngayon. Basta't tandaan n'yo, nung dumating ang mangwawasak na pagkagalit ng Diyos, at 'yung naglalakihang sistema dun ay bumagsak, pinanatiling ligtas nung tanda ang bahay nung babae. Hindi dahil sa mabuti siyang babae; dahil nga nanampalataya siya't iniladlad ang tanda.

114 Ngayon ano kaya kung ang sinabi niya, "Siyanga, sila'y maiinam na kalalakihan, nasiyahan ako nang lubos sa ibinigay nilang mensahe. Pero, sa totoo lang, para bang kalokohan kung pakikinggan na magsasabit ako ng tali sa labas ng bintana ko. Hihilain ko na lang sa loob." Babagsak ang bahay. Babagsak nga

ang bahay. Tanging 'yung tanda lamang ang kinikilala ng Diyos, gaya nung tanda ng buhay sa Egipto.

¹¹⁵ Si Josue ay tipo ni Jesus, dahil ang ibig sabihin ng *Josue* ay “Jehovah na tagapagligtas.” Siya’y tumitipo kay Jesus, sadyang nanatiling tapat sa tandang-palatandaan na ipinangal ng kanyang mensahero. Si Josue ay nanatiling tapat sa tandang-palatandaan na 'yun. Lahat ng sumailalim dun ay naligtas, sa Egipto. Lahat ng sumailalim dun ay naligtas, sa Jerico.

¹¹⁶ Ang Dugo ng Cordero ay tumitipo ngayon sa Tanda, na ang Espiritu Santo ay yaong Tanda para sa kapanahunan ngayon. Lahat ng nasa ilalim Nito ay ligtas. Lahat ng wala sa ilalim Nito ay di ligtas. Sa Mga Hebreo 13:10 at 20, Siya ay tinawag na “walang hanggang tipan.” Ang dating tipan ay isang bagay, ito na 'yung Bago, ito na 'yung “walang hanggang tipan.”

¹¹⁷ Ang Diyos, ang mga pangako ng Diyos na nakalakip sa Dugo, ay pinalalaya tayo mula sa kasalanan at kahihyan, at ginagawa tayong kaiba sa iba pa sa sanlibutan. Hindi ito 'yung pananamit mo nang naiiba; kahit sino kasi'y makakapanamit nang kaiba. Ang kinakailangan mo, ay sa loob, dun ka naiiba. Ang Buhay ay nandun sa loob; wala sa pananamit, panlabas na suot. “Ang Kaharian ng Diyos ay hindi ang pagkain at pag-inom; kundi pagpapahinuhod, kabutihan, kaamuan, pagtitiis, sa Espiritu Santo.”

¹¹⁸ Ngayon, ang mga pangakong 'yun ay nagbubunsod sa inyo na mapalaya sa kasalanan, ipinapakita ryan na ang Diyos ay di na—di na tinitingnan ang inyong pagkakasala. Sabi nga ni David, “Mapalad ang taong hindi paratangan ng kasalanan ng Diyos.” At hinding-hindi magpapatang kailanman ang Diyos ng kasalanan habang naroon 'yung Tanda na 'yun, dahil 'yung Tanda na 'yun ay palatandaan ng kabayaran na tinanggap na 'yun ng Diyos. At sa ganoon ay tinaglay mo 'yung tanda, ang hala- . . . binili na 'yun ng iyong pananampalataya. At taglay mo na ang ipinambayad na halaga ng iyong katubusan sa iyong katawan, upang Siya ay iyong masamba at maipakitang lubos ang Kanyang mga pangako at kapangyarihan.

¹¹⁹ Ang ibig sabihin ng *Bagong Tipan* ay “bagong kasunduan.” Ang ibig sabihin ng *Dugo* ay “Buhay.” Ang Bagong Tipan ay ang tipan ng Espiritu Santo, ang Espiritu Santo'y nagbibigay ng patotoo na anupa't si Jesus Cristo ay nagbangon mula sa patay, ipinapakita na naabot ni Jesus ang bawat hinihingi sa atin, at buhay na buhay ngayon. Pinatutunayan ng Tanda na Siya ay buhay para bigyan tayo ng pagkakakilanlan sa Kanya, ayon sa Kanyang pangako. Ngayon papaano na ang isang tao ay mababasa niya ang Biblia't makikita niya na ipinangako Niya ito, at makikita si Cristo na nagbalik sa huling mga araw na ito sa anyo ng Espiritu Santo at ipinakikilala ang Sarili na buhay?

Ito nga yaong Tanda. Ito yaong palatandaan. Ito yaong halaga na binayaran.

¹²⁰ Huwag, huwag kayong babatay sa kung anong sensasyon. “May naramdaman akong malamig na gumagapang sa likod ko. At—at may—may naamoy ako; nakitang ilang dugo sa kamay ko, o ilang langis. O—o, nakamit ko ang Batsilyer na Digri ko. O, nakasayaw ako sa Espiritu. Nakahiyaw ako. Nakapagsalita ako ng iba’t ibang wika.” Ang mga bagay na ito’y marahil ayos lang naman. Wala akong anumang laban sa mga bagay na ito, pero hindi ito ang tinutukoy ko.

¹²¹ Ang tinutukoy ko rito ay ’yung pagkakakilanlan ng Tanda, si Jesus Cristo, na bumangon at narito na sa atin ngayon, ipinapakilala ang Sarili, upang pagtibayin muli ang Kanyang ipinangakong Salita para sa araw na ito. Amen. Kaya naman kayo at si Cristo’y iisa na. Ang Diyos at si Cristo’y iisa. “Sa araw na yaon, makikilala ninyong Ako’y nasa Ama, ang Ama ay nasa Akin; Ako’y nasa inyo, at kayo’y nasa Akin.” Hayan nga ang Diyos na nahayag sa katawan ng tao, ipinapakita ang Kanyang Sarili na buhay na buhay talaga ngayon, makalipas ang dalawang libong taon. Ito nga yaong Tanda.

¹²² Kung di pa kayo nakakapasok dito, pumasok na kayong madali, mga kaibigan. Marahil masyado nang huli ang lahat. Di natin alam.

¹²³ Ipinakita ang Presensya Niya, Bagong Tipan, ang Dugo. At Ito’y buhay ngayon, nagpapatotoo. At dahil siya nga namang ginagawa Niya, tayo ay nagtaglay na ngayon ng karapatan sa lahat ng binayaran Niya para sa atin. Ang isang lalaki na may bautismo na ng Espiritu Santo, o isang babae na may bautismo na ng Espiritu Santo, ay may karapatan na sa lahat ng binili ni Jesus para sa atin, dahil ’yun ang pinaka palatandaan na taglay na natin ito. Yun ang kapangyarihan ng pagbibili.

¹²⁴ Sabihin na lang nating sasabihin n’yo, “Buweno, Kapatid na Branham, anong ibig mong sabihin?”

¹²⁵ Heto, gawin nating simple, at gusto kong makuha n’yo ito na mga maysakit. Tingnan n’yo, sabihin na nating mamamatay na ako sa gutom, at alam kong ang putol ng tinapay, sabihin na lang natin, na sangkapat na dolyar ang presyo, tapos may isang kapatid na lalaking darating at sasabihin, “Heto ang sangkapat na dolyar, Kapatid na Branham. Gutom na gutom ka na kasi; kunin mo na itong sangkapat na dolyar.” Ngayon, alam n’yo, ako nga’y magiging ganoon ding kasaya na may sangkapat na dolyar ako sa aking kamay kung papaanong may tinapay ako sa aking kamay, dahil nasa kamay ko ang pambayad na halaga. Nasa kamay ko ’yung sinsilyong tanda na makapagkakamit ng tinapay na ’yun. At nandun ngang nakalapag na ang tinapay; at ang tanging bagay lang, ay hawak-hawak ko ’yung sinsilyong tanda, ’yung sangkapat na dolyar na makabibili nung tinapay,

ako nga'y magiging ganoon ding kasaya na hawak-hawak ko 'yung sinsilyong tanda kung papaanong masaya ako na hawak ko na 'yung tinapay.

¹²⁶ Ngayon, kung nasa iyo na ang bautismo ng Espiritu Santo, 'yun na mismo 'yung Tanda na taglay-taglay mo na ang bawat tinubos na bagay na ikinamatay ni Jesus, pagmamay-ari mo na mismo, nasa kamay mo na. Matatakot ka pa bang angkinin ito?

¹²⁷ Kung ibubulsa ko lang 'yun, at sasabihin ko, "Buweno, di ko alam kung maibibili ko ba 'yun ng tinapay o hindi," aba'y matutuluyan akong mamatay n'yan sa gutom. Pero tandaan n'yo nga, sasabihin nung nagtitinda ng tinapay, "May isa lang akong hihingin, G. Branham. Isang beinte-singko sentimo lang, sa iyo na ang putol ng tinapay." Akin na! Amen. Ganoon lang.

¹²⁸ Yan ang dahilan kung bakit hindi na tayo nakakakita ng maraming bagay na naipangyayari ngayon, hindi nakalantad ang Tanda, 'yung tunay na Tanda. Oh, napakarami nating mga peke ngayon, pero ang ibig ko ngang sabihin dito ay 'yung tunay na Tanda.

¹²⁹ Masdan, pagkatapos nga na mapagtanto natin at maipakita ang Tanda, ang Buhay na 'yun na kinailangan para sa Tanda na 'yun, ang Dugo na 'yun ay nagsasalita para sa atin. Tandaan, ang Dugo ng tipan ay kinilala kalakip nung Tanda, at tinitiyak na ng Salita ang pangako. Ang Tanda ang palatandaan na ang kabayaran ay naibayad na para sa atin.

¹³⁰ Ngayon, kung kayo'y hindi kabilang dun, buweno, haya't, wala ka talagang makukuha; lumalapit ka lang sa pila para sa pananalangin, aalis pagkatapos; lumalapit sa altar, at titingala, aalis pagkatapos.

¹³¹ Pero, oh, kapatid, kapag ang Tanda na 'yun ay nailagay na sa iyong—iyong—iyong puso, at nagkaroon ka na ng kabatiran na 'yun ay pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo na nasa iyo, may bagay nga na nangyayari. Wala nang makapipihit pa sa iyo paalis. Batid mo na kung saan ka nabibilang. Ang ganap na pagsunod sa buong Salita ng Diyos ang nagbibigay-karapatan sa iyo sa Tanda, at wala nang iba. "Mapalad ang tumutupad sa lahat ng Kanyang mga Utos, na sa gayon ay nagkaroon siya ng karapatan sa punongkahoy ng Buhay."

¹³² Kaya naman, sa ating pananalangin, kinakailangan natin 'yung Tanda na 'yun na maihandog kasama ng mga panalangin natin. Ngayon huwag sana kayong mabigo na makuha 'yan. Sa tuwing ikaw ay mananalangin, kinakailangan mong ilakip ang Tanda sa pananalangin mo; kung di ka pa ganyan, magpatuloy ka sa pananalangin hanggang sa dumating ang Tanda, dahil di ka pinangakuan na makatanggap kung ganun. Kita n'yo, dapat ngang taglay mo muna ang Tanda na ito; 'yun kasi ang halaga na ibinayad, ang pananampalataya mo na sampalatayanan ito.

¹³³ Ngayon, palatandaan ng ganap na pagsunod. Nawaglit ang takot. Sinasabi sa atin ni Pablo na, “Ang Dugo ay nagsasalita ng lalong mabuting mga bagay.”

Sasabihin n’yo, “Nagsasalita ang Dugo?” Oo, nagsasalita ang Dugo.

¹³⁴ Sa Genesis 4:10, nakita natin dun na sinabi dun ng Diyos na—na ang dugo ni Cain . . . o, “ang dugo ni Abel ay nagsalita mula sa lupa.” Makikita rin natin sa Mga Hebreo 12, na, “Ang Dugo ng tipan ni Cristo ay nagsasalita ng lalong mabuti kaysa sa dugo ni Abel.” Kita n’yo, nalaman natin, na nagsasalita nga ang Dugo, nagsasalita Ito para sa kapakanan mo. Yang Buhay na nasa inyo ay nagsasalita mula sa nabubong Dugo. Amen. Oh, kapatid! Umaasa ako na makukuha ’yan ng lahat. Kita n’yo? Kung makikita n’yo lang sana ito, ito ’yung Buhay na nariyan mismo sa inyo. Kita n’yo, ipinakikilala kayong kalakip Rito ng mismong Dugo na ’yun. Yung mismong Tanda na ’yun. Ang . . . Ang ibig sabihin nga, ang Dugo ay nabubo para sa iyo; tinanggap mo, at ang Buhay ay napunta sa iyo. Nasa iyo na ang Tanda, ’yun ang Espiritu Santo.

¹³⁵ Kaya naman kung mananalangin tayo, kinakailangan nga na taglay natin ang Tanda para maihandog natin ito na kalakip ng mga panalangin natin, gaya ng nabanggit ko, at pagkatapos ngayon ay sumampalataya tayo para sa ating sarili at ilantad ang Tanda na ’yun sa buo nating pamilya, gaya noon doon sa Egipto, sa Jerico, o maging dun sa Mga Gawa 16:31. Makikita natin dun na sinabihan ni Pablo ang Romanong senturion, ang sabi, “Manampalataya ka, at ang buong sambahayan mo ay maliligtas.” Ilantad mo Ito sa iyong pamilya. Kung may anak ka na di pa ligtas, ilantad mo lang ang Tanda sa ibabaw niya, sabihin, “Panginoong Diyos, inaangkin ko siya.” Manatili kayo roon. Kung may nanay ka o mahal sa buhay na naliligaw, ilatag mo ’yung Tanda na ’yun sa kanila, sabihin, “Panginoong Diyos, inaangkin ko ito.”

¹³⁶ Ilabas n’yo, ang lahat ng makamundong basura, palabas ng inyong pamamahay, ihanda n’yo ang sarili n’yo para Rito. Sunugin n’yo ang lahat ng shorts n’yo. Itapon n’yo ang mesang ginagamit n’yo sa pagbabaraha. Alisin n’yo ’yang paninigarilyo n’yo. Itapon n’yo na ang di n’yo pagsampalataya at mga papeles de iglesia sa basurahan, kung saan nga sila nababagay. Amen. Hayan nga’t sa ganyan ay nakahanda ka na. Tapos ano na ang gagawin susunod? Pagkatapos nga’y ilantad mo na ang Tanda sa panalangin, na may kalakip na tunay na katibayan, tunay na pananampalataya. Ilantad mo Ito, ilantad mo nang may buong kompiyansa. Kung iyong ilantad ang Tanda, siguraduhin mo na ika’y nilinis na talaga. “Kung tayo’y hindi hinahatulan ng ating puso, sa gayon ay matatamo natin ang ating hinihiling.”

137 Hangga't ginagawa n'yo mga kapatid ang mga bagay na 'yan na mali, papaano n'yo mahihiling sa Diyos na gumawa ng kung anong bagay sa inyo samantalang alam n'yo sa sarili n'yo na mali kayo? Yan ang dahilan kung bakit pahapay-hapay ang paglakad natin dito at pahapay-hapay ang paglakad doon. Di ko ito sinasabi para makasakit. Sinasabi ko ito para maituwid ang dapat na maituwid, maitama ang dapat maitama. Papaano nga kayo makatitindig mula sa mga pinagtupukan ng Sodoma at Gomora? Manumbalik kayo!

138 Hinahayaan na lang ng mga samahan at mga ministro ang mga tao na gawin nila ang kung anu-ano, at palalampasin sila sa ganun, at basta mailagay lang ang pangalan nila sa aklat ng pagdalo at tawagin silang *ganito*, *ganoon*, at *ano pa*, gayong isa 'yung kahihiyang. At anupa't ang pananampalataya ay naging ano na lang. . . na sa kalimitan ay di na nila alam kung ano ba 'yun talaga. Sila, sila'y umaasa, pero walang pananampalataya.

139 Kinakailangan n'yo ngang manumbalik, na, ang lahat ng bagay ay sinuyod paalis at nilinis. Pagkatapos nun ay kunin mo ang iyong Tanda, na may pagkabatid ka nang ito si Jesus Cristo na nasa inyo, saka ilantad Ito. Kung hindi mangyari ang bagay na 'yun, may bagay na mali; bumalik ka, may bagay ka na mali sa iyong kamay. Ipinangako Niya kasi ito. Siya Mismo ang nangako nito. Ilantad mo Ito. Basahin n'yo sa Mga Taga-Efeso 2:12, minsan, kung nais n'yo, at makikita n'yo dun.

140 Pansinin n'yo sa Mga Hebreo 9:11, maging dito. Sinabi ni Pablo, "Pinaglilingkuran ang buhay na Diyos, sa mga aral na buhay." Kaya di ito 'yung sasabihin mo lang na gumagayak ka na parang isang Hebreo noon, kukuha ng kanyang handog, at paroroon, may dala-dalang malaki't matabang guyang toro, at ipapatong niya ang kamay niya sa ibabaw nun para magkaroon siya ng pagkakakilanlan dun, at ibububo ang dugo, at babalik sa daan niya na inaring-ganap na. Hiningi naman talaga 'yun ni Jehovah. Hiningi Niya. Pagkatapos heto na ang sumunod na henerasyon, marahil mas nanlalamig pa lalo; may isa sa kanila, na nanlalamig pa lalo. Tapos malalaman mo na lang, naging pampamilyang tradisyon na lang ito.

141 Yan nga ang naging kahulugan na lang ng pentecostes sa atin ngayon, isang pampamilyang tradisyon na lang. Mauupo tayong sama-sama, sasabihin, "Hindi ba't ang ganda nung palabas sa telebisyon ngayong gabi? Ano kayang ginawa nila dun sa simbahan kanina? Panginoong Jesus, pagalingin. . ." Oh, kahabag-habag! Kita n'yo? Isang pampamilyang tradi-. . . "Alam mo, nakapagsalita ako sa iba't ibang wika nung isang araw. Ako'y kabilang sa *ganito*, sa *ganoon*, alam mo. Uh-huh." Oh, naging isang pampamilyang tradisyon na lang!

142 Alam n'yo ba ang sinabi ng Diyos? Ang sabi ng Diyos, "Ang inyong mga taba at mga lalaking tupang hain ay umaalingasaw

sa Aking ilong. Siyanga, ang inyong mga hain ay umalingasaw na nang husto.”

¹⁴³ At maging itong mga haing Pentecostal, at lahat nitong maka-denominasyon nating pagkamatigas ng ulo at mga bagay na pinag gagagawa, at ang mga kababaiha’t kalalakhian natin ay kung anu-ano ang pinag gagagawa nila, may anyo lang ng kabanalan; ang lalakas ng tugtugan, at may magtatatalon nang taas-baba kalaunan; at tapos na ’yun, na para bang sinabuyan ng tubig, kung mangyaring ang Salita ng Diyos ay dumating dun at magsabi ng ilang bagay. Ano bang nangyari? Ang mga hain n’yo ay nagsimula nang umalingasaw sa harap ni Jehovah.

¹⁴⁴ At nung panahon na ’yun ay lumitaw ang Isaias na ’yun sa eksena, at sinabi sa kanila, “Bibigyan Ko kayo ng isang walang hanggang tanda, isang birhen ang maglililihi.” Kita n’yo, hayan nga. Hindi mga patay na seremonya’t mga kreda, hindi; bagkus buhay na mga aral, isang buhay na Diyos na bumangon mula sa mga patay, at ngayon ay nabubuhay sa gitna natin.

¹⁴⁵ Ang ilan sa kanila, mga iglesyang gaya nun, na naniniwala sa mga patay na turo’t aral, tinanggihan nila na may ganitong bagay na Tanda. Buweno, may nagsabi sa akin noon, “Yung labindalawang alagad lang ang nakatanggap ng Espiritu Santo. Sila lang. Siyanga.” Oh!

¹⁴⁶ Pero tayo na sumasampalataya sa Salita, alam nating mali ’yun, alam natin na buhay na Presensya ito. At papaano natin nalaman na ito’y buhay na Presensya ni Cristo, na ang Espiritu ay nasa piling natin? Haya’t ginagawa kasi Nito ang siya ring bagay na ginagawa Niya. Yun ang patunay. Ang isang puno ng ubas ay makikilala sa bunga na ipinamumunga nito. At kaya naman kung ang unang puno ng ubas na ’yun ay uusbong at mag-iiwan ng isinulat na Aklat ng Mga Gawa, at ito rin ang siya ring ginawa ni Jesus, ginawa ng mga alagad; ibig sabihin kapag uusbong muli ang puno ng ubas na ’yun, ganoon na ganoon ang gagawin nito. Kita n’yo, sinasabi ng Mga Hebreo 13:8 na Siya’y nananatiling siya pa rin, oh, grabe, patunay lang ’yan na ibinangon Siya ng Diyos para sa atin, ayon sa Kanyang ipinangakong Salita. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

¹⁴⁷ Isang tatak ng pangako! Sinasabi ng Mga Taga-Efeso 4:30, “Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos, na sa pamamagitan nito ay kayo’y tinatakan hanggang sa araw ng inyong pagkatubos.” Hindi hanggang sa susunod na rebaybal. “Hanggang sa araw ng inyong pagkatubos!” Yamang kayo’y nabautismuhan Dito, ayon sa Unang Mga Taga-Corinto 12. At sa Kanya ay ang buong kapuspusan, at walang kasalanan ang makikita sa Kanya. “Ang ipinanganak ng Diyos, ay hindi nagkakasala. Ang binhi ng Diyos ay nananahan sa kanya, at siya’y di maaaring magkasala.” Papaano nga siya magkakasala,

kung ang Tanda ay nandun na? Ang Tanda ang palatandaan na siya'y tinanggap na.

148 At, marahil, sasabihin n'yo, "Nagkakasala ako." Buweno, ang ibig sabihin nga n'yan ay wala pa sa inyo ang Tanda. Kita n'yo?

149 Yung Tanda ang nagsisilbing harang, nagpapakita na ang halaga ay binayaran na. Sa panahon na susubukan ni Satanas na magbigay sa inyo ng... Isipin n'yo lang ito. Sa panahon na susubukan ni Satanas na bigyan kayo ng sakit, o susubukang magbigay sa inyo ng kung anong bagay, alam n'yo ba ang dapat n'yong gawin? Ipakita n'yo lang sa kanya ang Tanda. Totoo, tinatamaan ng sakit ang Cristiano. Ipakita n'yo sa kanya ang inyong Tanda, at patunayan n'yo sa kanya na kayo'y biniling produkto na ng Diyos. "Magsi salangang kayo sa diyablo, at tatakas siya sa inyo." Hawakan mo ang ang Tanda sa ibabaw ng pananampalataya mong di-natitinag sa Kanyang pangakong Salita.

150 Ang Diyos ay nagbigay minsan ng isang palatandaang bahaghari bilang tanda. Magtatapos na po ako. Nagbigay ng palatandaang bahaghari bilang tanda. Nasa sampung minuto na lang po ito, at pagkatapos ay tatawag na tayo ng pila para sa pananalangin. Siya nga'y nanatiling tapat sa tanda na 'yun. Siya nga ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Siya nga'y tapat hanggang ngayon. Lumipas ang libo-libong taon, Siya nga'y ni minsan, maski isang beses lang, ay di nabigo na ipakita 'yun. Siya'y tapat sa tanda na 'yun, ipinapakita lang sa atin na kahit kailan Siya'y...haya't di mabibigo kahit kailan na kilalanin ang Kanyang mga tanda. Hindi ko alintanang ito ma'y...

151 Si Jesus ma'y di dumating sa loob ng sampung libong taon, yamang nasa iyo na ang Tanda, Kanya pa ring kikilalanin Ito. Maski maraming bagay pa ang magbago, at ano pa, Kanya ngang kikilalanin at kikilalanin ang Tanda na 'yun. Sinabi nga Niya na kikilalanin Niya. Buweno. Inaasahan Niya ngayon na ilaladlad natin ang Kanyang Tanda, sa ibabaw ng bigay sa atin ng Diyos na pananampalataya, nang lantaran sa mga sekta sa buong bansa't buong mundo na di sumasampalataya, na ang paniwala nila'y ang mga tanda't kababalaghan ay di lumalakip sa mga mananampalataya. At tayo'y mananatiling matapat sa Tanda na ito, at ipapakita Nito na ang bayad sa paglalakbay ay nabayaran na at tayo'y tinanggap na para sa pagkabuhay na mag-uli, yamang nasa loob na natin ang Tanda ng Buhay.

152 Isa itong masakit na Mensahe, pero ito ang Katotohanan. Ito ang kailangan natin, ang Katotohanan. Tulungan nawa tayo ng Diyos na makilala ang Katotohanan. "Inyong makikilala ang Katotohanan, at ang Katotohana'y magpapalaya sa inyo." Ipinapahayag ko na si Jesus Cristo ay siya pa rin kahapon,

ngayon, at magpakailanman. Naniniwala akong ipinagkaloob ng Diyos ang Espiritu Santo bilang Tanda, ngayon mismo, bago lamang ang exodo, ng—ng paglabas ng Nobya mula sa iglesya.

¹⁵³ Naniniwala akong napakarami nang walang kabuluhang mga bagay, at 'yung mga tao'y sinasabi nilang nakasigaw sila, nakapagsalita ng iba't ibang wika. Naniniwala rin ako sa mga bagay na 'yan; pero di n'yo puwedeng pagbatayan ang bagay na 'yan. Papanong makababatay kayo sa ganyan, at pagkatapos itatanggi naman ang Salita? Kita n'yo?

¹⁵⁴ Ang Tanda ay 'yung Salitang napagkilala sa inyo, nakikita ang buhay Nito sa inyo. Ito nga ang Diyos na Sarili Niya Mismo ang Kanyang tagapagpaliwanag. Hindi mo ngayon masasabing, "Buweno, ngayon, ipaliwanag mo ang pagsasalita ko ng iba't ibang wika." Hindi ganun. Binibigyang liwanag Niya ang iyong buhay sa pamamagitan ng Salita. Sa puntong kukunin Niya ang iyong pananalita, ang sarili mo, at napagkikilala ang Salita Niya dun, di na nga kailangan ng anupamang kapaliwanagan, dahil nandun na 'yun mismo. Ang Diyos mismo ang gumagawa ng Sarili Niyang pagpapaliwanag, at taglay-taglay na natin ngayon ang mga pangakong ito para sa panahong ito.

¹⁵⁵ Oh, Dallas, kayo na mga kaibig-ibig na grupo rito ng mga Cristiano, huwag kayong magpapatangay sa ganitong bagay-bagay ng panahon ngayon, na nakikita n'yo sa paligid, dahil maglalaho rin ito. Ilantad n'yo ang Tanda sa tuwina, iladlad n'yo sa hayag ang Tanda. Magbasa kayo ng Biblia. Lagi kayong maging alisto sa lahat ng bagay. At kung ang espiritu na nasa loob n'yo ay di man lang makapagsabi ng "amen" sa Bagay na 'yun, ibig sabihin kailangan n'yong manumbalik, palitan 'yang taglay-taglay n'yo, ng Tanda; dahil di pa n'yo Ito nakukuha.

¹⁵⁶ Alam kong napakarami nitong binitiwang kong salita para sa isang hapon. At alas kuwatro y media na rin. Oras na ngayon, at kung maaari'y makalabas tayo ng alas singko matapos ang pila para sa pananalangin.

¹⁵⁷ Nananampalataya ba kayong si Jesus Cristo ay nabubuhay at naghahari na ngayon? [Sinabing ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Nananampalataya ba kayo na ang sinasabi ko sa inyo ay ang Katotohanan? ["Amen."] Ito nga ang Tanda, ang hinihingi. Pawang Katotohanan lamang ang puwede kong sabihin. Ang tanging masasabi ko lang ay kung anong nakita ko, narinig ko, kung anong inihayag sa akin. At mangyari pa't sinasabi ko ito; nang makailang libo't sampung libo't ilang libong beses na, na ni minsan ay di ito nabigo na maging katotohanan nga. Ngayon ang Diyos talaga ito. Ang Diyos nga talaga. Buweno, ang Diyos ba'y magbibigay ng pagmi-ministryo sa isang tao na di nila alam kung anong pinagsasasabi nila? ["Hindi."] Gagawin ba Niya na ipagkilanlan ang Sarili sa isang tagakita sa isang dako, at pagkatapos babaling at

bibigyan itong tagakita ng hinaluang Salita? [“Hindi.”] Yun pong taong tinatanggihan Ito, siya ’yung hinaluan. At ang Diyos ay di maaaring mahaluan. Ang Diyos ay Sarili Niya Mismo ang Kanyang tagapagpaliwanag.

¹⁵⁸ Tanggapin n’yo na ang Tanda! Huwag kayong manatili na lang sa pakikianib sa kung anong simbahan o kung anong mga seremonya, o anuman. Kunin n’yo ang Tanda! Hawakan n’yo Ito. Ito lamang ang tanging bagay na kikilalanin ng Diyos. Pagdating mo sa oras na ’yun, pagdating mo sa kamatayan mo, siguraduhin mong hawak-hawak mo ang Tanda na ’yun sa ibabaw mo; na may kabatiran na sa araw ng pagparito Niya, sa pagkabuhay na mag-uling ’yun, ay maipapakita ko ang Tanda na ’yun. Hindi sa katawang ito, mabubulok kasi ito; kundi rito sa Espiritu, na di mamamatay kahit kailan, ito’y Buhay na Walang Hanggan, ang Tanda ay nakahimlay rito. At nangako Siya, “Akin siyang ibabangong muli sa huling araw.”

¹⁵⁹ Ang siya ring Jesus na ’yun noon ay narito na. Siya ang Mensahero. Siya ang. . . *Heto* na ang Mensahe, at Siya ang Mensahero dito ngayon na ipinakikilala ang Kanyang Mensahe. Hindi ako ang Mensahero. Siya ang Mensahero, at *Ito* ang Mensahe. At kung may anumang espiritu kayo na di sumasang-ayon *Doon*, papaanong magiging Mensahero ’yan ng Mensahe? Tanging ang Tanda lang ang makapagbibigay pagkakakilanlan Dito. Amen.

¹⁶⁰ Pakiramdam ko’y napupuspos ako nang husto. Tunay nga. Pakiramdam ko’y makalilipad ako sa mga sandaling ito ngayon, dahil nakikilala ko Siya na aking sinasampalatayanan, at nakikita ko mismo ang aking buhay na may pagkakakilanlan sa Kanya sa Kanyang pagkabuhay na mag-uli. Narito mismo ang Kanyang Presensya. Tanggapin n’yo ito, mga kaibigan, sige po, diyen sa kaibuturan ng inyong puso.

¹⁶¹ Alam ko na kinagawian na nating lumapit mismo sa palibot ng altar at mananalangin. Isa po ’yang lumang kaisipan ng mga Methodist. Di nila ’yan ginagawa sa Biblia. Ang sabi ng Biblia, “Ang mga nanampalataya ay nabautismuhan.” Tama. Walang pagtawag sa pagdulog sa altar sa Biblia. Isang bagay ’yun na idinagdag natin, na mabuti lang naman. Anuman kasing bagay na pinagpapala ng Diyos, ay mabuti.

¹⁶² Gaya ng pagpapahid sa mga tela. Walang ganoon sa Biblia. “Kinuha nila mula sa katawan ni Pablo ang mga panyo at mga panapi.”

¹⁶³ Kaya naman anumang paraan ang naisin n’yo, mabuti ’yan, sa upuan n’yo man mismo, sa may altar, saanman. Ang tanging bagay lang, ay maipakita Yan, ’yang Tanda sa inyo. Pagkatapos ay siyasatin mo ang iyong sarili, at tingnan mo kung anong klaseng buhay ang ibinubuhay mo, tingnan mo kung Ito ba’y nailantad na o hindi pa. Kung hindi pa Ito nailalantad, ilapag

n'yo muna pansumandali 'yang hawak-hawak n'yo, iwan muna sa tabi, at bumalik kayo, hanggang sa ang Tanda'y ilantad na.

¹⁶⁴ Manalangin tayo. Makalangit na Ama, marahil ako'y—ako'y—ako'y nakapagbitiw ng mahahapding pananalita, pero, Panginoon, papaano po kakapit ang pako malibang maibaon ito? Dalangin ko, Ama, na ito'y maibaon sa puso ng mga tao, na kanila pong makita na di ito isang bagay na pakikisama lang. Na hindi po ako narito para magkaroon ng pagkakakilanlan sa kung anong organisasyon, kung anong kapisanan, kung anong sekta, kung sinong tao, o sa ganang sarili ko lang, o kanino pa man. Si Jesus Cristo po mismo ito. “Paglalakipin Ko ang mga organisasyong iyon doon,” sila'y anim nang sangbuo't pawang kalahati rin ng sangdosenang 'yun, ayon sa Iyong Salita. “Ang matandang inang patutot,” sa Biblia sa Apocalipsis 17, “ang ina ng bawat isa sa kanila na mga patutot.” At hindi sila isang lalaki. Sila'y mga patutot, at lahat sila'y nagsisiping sa highaan ng kamunduhan. At nakita namin na ginawa na nila talaga, ng mga Pentecostal at lahat na.

¹⁶⁵ Pero, Jesus, Ikaw nga'y nanatiling Jesus. Iyo pong itulot na hindi sila makinig sa mensahe ng kung anong iglesya; bagkus sa Mensahe ni Cristo, ang Salita. Iyo nawang itulot na Ika'y magkaroon ng pagkakakilanlan, Panginoon, ngayon, sa mga mananampalataya. Iyo pong pagalingin ang lahat ng maysakit. Iyo pong patawarin ang aming mga pagkakasala, Panginoon. Aking—aking dalangin, bilang lingkod Mo, Iyo pong patawarin ako sa aking mga pagkakasala, at patawarin ang pagkakasala ng mga tao rito. Nagtitiwala po ako, Panginoon. Bawat isa sa kanila ay walang duda namang nakaambag sa mga kaloob, na ipambabayad para sa—sa gusali, at inilaan nila ang kanila pong sariling pera, at kanilang—kanilang—kanilang ginawa ang lahat, Panginoon. Oh Diyos, dalangin ko na wala sanang kahit isa sa kanila na mapalampas ito, Panginoon. Matamo sana ng bawat isa.

¹⁶⁶ Akin—akin pong idinudulog ito nang may katapatan, at gayunman, Panginoon, kinakailangan kong maging mahigpit. Batid po namin, na ang pagtutuwid ay pag-ibig. Ang pag-ibig ay nagtutuwid. At dalangin ko po ito. At 'yan nga ang dahilan kung bakit itinutuwid Mo ang Iyong bayan, ay dahil nga Iyong minamahal sila, at bawat pagkakasala ay kinakailangan ngang panagutan.

¹⁶⁷ At, Ama, dalangin ko na Iyong patatawarin kami sa aming mga pagkakasala ngayon, habang amin pong ipinapahayag ang mga ito. Kami po'y napadpad sa malayo, Panginoon. Ako po'y may pagkakakilanlan sa mga Pentecostal, Panginoon. Ako—ako'y isa sa kanila. At aking—aking dalangin, Diyos, na Iyo po kaming patatawaring lahat. At Iyo pong kunin ang ilan sa mga tagapanguna rito at ibaling sila, at—at itulot sila na tumuon sa Kalbaryo kahit isang beses, at sa gayon ay makakalimutan nila

ang estado nila, na isang presbitero o isang obispo, o anupaman sila, at mabatid nila na walang nakaka angat sa Kaharian na ito. Kaming lahat ay anak ng Diyos. Dalangin ko na Iyo kaming tulungan ngayon. Mapagkilala nawa ang Iyong Sarili sa amin, ngayon. Humihiling kami sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

¹⁶⁸ Ngayon bago lamang po tayo magsimula sa pila para sa pananalangin, marahil may mga narito ngayon na di pa noon nakakadalo sa ganitong gawain. Hindi ko po kayo nakikilala, pero kilala kayo ng Diyos. Kung ang mga bagay na sinasabi ko ay Katotohanan, hayaan nating ipakilala mismo ito ng Diyos, na Katotohanan ba talaga o hindi, 'yun ang magpapatunay rito. Kung nagawa Niyang bumangon mula sa mga patay, Siya nga'y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Sinabi Niya sa Juan 14:12, "Ang sumasampalataya," di sinabing ang kunwang sumasampalataya. "Ang sumasampalataya sa Akin, ay kanyang gagawin din ang mga gawang Aking ginagawa." Tama po ba?

¹⁶⁹ May magsasabi, "Higit ang inyong gagawin." Tama 'yun. Sasabihin, "Buweno, ipinapangaral namin ang Ebanghelyo, aba'y higit 'yun."

¹⁷⁰ Gawin n'yo muna ang mga bagay na ginawa Niya, patunay na 'yun sa akin, kita n'yo, tapos pag-usapan natin paglaon ang mga bagay na higit. Maipapakita ko sa inyo ang mga bagay na higit na ginagawa Niya ngayon na lalong higit sa ginawa Niya noon nung nandito pa Siya sa lupa noon, at di lang 'yun basta pangangaral ng Ebanghelyo, siyanga; bagkus mga tanda't mga kababalaghan. Wala na tayong oras para palawigin ito. Kayo'y magsisampalataya lamang. At nawa ang Diyos ng Langit, Na nagbangon kay Jesus Cristo mula sa mga patay, at ipinakilala na Siya rito ngayon na buhay, sa atin, pagkatapos ng dalawang libong taon, ay hayan ngang ipinakilala ang Mensaheng ito, na Ito'y tama. Ang Tanda ay kinakailangang maipahid.

¹⁷¹ Ngayon, kayo na may mga sakit at suliranin, manalangin kayo, nang may buong katapatan na sabihin n'yo, "Panginoon, ako po'y nananampalataya na Ikaw ang 'Dakilang Saserdote na nahihipo't nahahabag sa aming mga kahinaan.' At nabanggit sa amin ng ministro po rito, na Ikaw ay narito sa amin ngayon, narito, kaya naman ninanais kong Ikaw ay pumarito sa amin at ipakilala ang Iyong Sarili." Ngayon manalangin po, ang bawat isa sa inyo.

¹⁷² Ngayon heto na ang oras na ang Diyos ay mangungusap ng isang bagay. Grabeng maluwalhating oras! Oh, grabe! Hangad ko na kung maaari'y malaman n'yo ang bagay na ito, 'yung pakiramdam mo na dumating na ang bagay na Iyon, na ang pakiramdam nga'y pagmamay-ari mo ang buong mundo. Amen. Walang diyablo ang makakagawa ng kahit na ano, siya'y isang talunan nang nilalang. Ang Panginoon ko ay narito ngayon. Nasa mga kamay na natin mismo. Amen.

Kung maaari lang na maging tunay na mapitagan ngayon. Huwag magpalakad-lakad. Umupo lang po nang tahimik.

¹⁷³ Kayo na nasa mga silyang de gulong, at ganyang bagay, huwag n'yong isiping wala kayong pag-asa. Manampalataya. Kayo—kayo, kayo'y makailang beses nang dumulog sa mga pila para sa pananalangin, at nabigo't nabigo nang ilang ulit. Hindi 'yun dahil sa ministrong nanalangin para sa inyo, na nabigo siya. Dahil ito sa pananampalataya n'yo, at iniisip n'yo kasi na walang mangyayari sa inyo. Manampalataya po kayo.

¹⁷⁴ Heto, narito na ang Liwanag, diyan sa ibabaw ng isang itim na munting binibini sa likod, nakatayo riyang na *nakaganito* ang mga kamay. Oo. Ikaw ay nananalangin. Oo. Naniniwala ka ba na ako'y propeta Niya, o lingkod Niya? Di ko po pala dapat sabihin 'yun, dahil maraming tao ang natitised dun. May mabuti kang . . .

¹⁷⁵ Heto nga ang isang puting lalaki, itim na babae, gaya nung ang Panginoon natin at 'yung babae ay nandun sa may balon noon, dalawang magkaibang lahi. Ipinaalam Niya sa kanila na walang pagkakaiba sa mga lahi. Walang kinalaman dito ang kulay natin. Lahat tayo'y . . . Magagawa nga nating magsalin ng dugo sa isa't isa. Ginawa ng Diyos, na iisang dugo, ang lahat ng bansa.

¹⁷⁶ Nakakaranas ka ng mga pananakit ng ulo, matinding sakit ng ulo. Tapos may pasanin ka rin sa puso mo, para sa batang 'yan diyan. At ika'y . . . Matindi ang paghihirap. [Sinasabi ng kapatid na babae, "Amen."—Pat.] Ganoon nga mismo. Tama po ba 'yun? ["Amen."] Tama.

¹⁷⁷ Ito pong ginang na nakaupo malapit sa iyo riyang, siya nga'y may kaugnayan sa iyo, siya ang nanay mo. [Sinasabi ng kapatid na babae, "Amen."—Pat.] Tama ["Purihin ang Diyos!"] At may bagay nga rin na problema sa kanya.

¹⁷⁸ Naniniwala ba kayo sa akin, ginang? [Sinasabi ng nanay, Amen."—Pat.] Siyanga ba? Ang suliranin sa iyo ay 'yang pananakit ng tagiliran mo. Tama. Yang kanang tagiliran mo ang nananakit. Tama po ba? Itaas mo ang iyong kamay, kung tama nga 'yun. Hindi ka na nito gagambalain pang muli. Ikaw ba'y naniniwala (na) masasabi sa akin ng Diyos kung sino ka? Gng. Lowell. ["Amen."] Tama. ["Amen."] Sige, humayo ka na sa daan mo, ibinigay na sa iyo ng Panginoong Diyos ang iyong kahilingan.

¹⁷⁹ Diyan sa bandang dulo diyan may isa pang itim na munting binibining nakaupo riyang, nakatingin, na para bang—para bang hapak na hapak ang pakiramdam niya. Siya'y nakatingin sa akin. Sumasampalataya siya rito. Hayan po, nakikita n'yo ba ang Bagay na 'yun sa tabi niya? Siya'y pinahihirapan ng sakit sa bato. Tama. Tapos na po ito ngayon; pinagaling ka na Niya. Amen.

¹⁸⁰ Bakit hindi n'yo magawang manampalataya? “Kung kayo’y makasasampalataya, ang lahat ng bagay nga’y maipangyayari.” Naniniwala ba kayo roon? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Heto nga . . . Tingnan n’yo po ang mga itim na kapatid! Saan naroon ang pananampalataya n’yo, mga puting kapatid?

¹⁸¹ Heto po ang isang itim na binibining nakaupo mismo rito, nakatingin siya sa akin, may kalakihan ang pangangatawan na babae. May iniinda siya sa kanyang tuhod. May suliranin din siya, may iniinda siya sa puso. Oo. At nakakaramdam siya ng panghihina, may bigla na lang pumipintig at ganoong bagay, lalo na kung sinusubukan mong mahiga, may humihilab. Kita n’yo? Nangyari ’yun kagabi. Alalahanin mo, hindi ko binabasa ang isip mo, pero nalalaman ko nga ang ipinapanalangin mo. Nagnanais ka na matawag dito, ngayon, at Siya’y sumagot na para sa iyo. Ngayon halos di ka nga rin makatayo nang maigi, dahil sa iyong arthritis. Tama ’yun. At heto rin, may isa pa, may suliranin ka rin sa iyong tiyan, may kung anong tumubo riyang sa loob ng tiyan mo. Tama ’yun. Ngayon naniniwala ka bang ako’y propeta Niya? Sasabihin ko nga ito, ano’t anuman. Ikaw nga’y sumampalataya, at ika’y gagaling.

¹⁸² Paano naman ’yang sakit *mo* sa tiyan? Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ng Diyos ang sakit mong ’yan sa tiyan, ikaw na nakaupo riyang, ikaw rin? Sumasampalataya ka ba? Sige, kung ganun matatanggap mo na ang kagalingan ng iyong tiyan. Amen.

¹⁸³ Hinahangad mo nang huminto sa paninigarilyo, ikaw riyang, binibini? Sumasampalataya ka ba na magagawa ng Diyos na pahintuin ka sa paninigarilyo? Matagal mo nang nais tigilan ito. May sakit ka rin sa tiyan, siyanga; matagal mo nang nais huminto sa paninigarilyo. Yun ang dahilan ng sakit mo riyang sa tiyan. Magagawa mo bang bitiwang na ito? Iwinawaksi ko ito sa iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo, dahil sa pananampalataya mo na humipo sa Kanya.

Hinahamon ko kayo na sumampalataya sa Diyos!

¹⁸⁴ Heto ang isang munting ginang na nakaupo nananalangin para sa kanyang . . . isang mahal sa buhay na nasa ospital ngayon, malapit nang mamatay, dahil sa kanser. Tama. Isang tiyuhin. Tama. Ikaw nga’y marahil. . . Ika’y asawa ng ministro. Kung sasampalataya ka nang buong puso mo, gagaling ang lalaking ito.

¹⁸⁵ Hinahamon ko kayo na manampalataya na sa Diyos! Ano ito? Ang pagkakakilanlan, ang Jesus Cristo na ’yun. Sasabihin n’yo, “Ano ba ang Cristo?”

¹⁸⁶ Siya ang Salita. “Nang pasimula Siya ang Salita, ang Salita ay sumasa Diyos. At ang Salita’y nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin.” “Ang Salita ay matalas pa kaysa sa isang tabak

na may dalawang talim, kumikilala ng mga pag-iisip at mga haka ng puso.” Hindi pa rin ba n’yo nakikita na ang Salita ay dumating na sa kalagitnaan natin sa huling mga araw na ito? Ito na mismo ang Espiritu Santo na ginagamit ang Salita ng Diyos at ipinapakilala si Jesus Cristo, na siyang Tanda. Amen. Sumasampalataya ba kayo? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

¹⁸⁷ Ilan dito ang may mga prayer card? Lahat ng may prayer card sa panig na *ito* rito, tumayo po kayo sa pilang *ito* rito. Sige po’t tumayo lang, lahat ng nasa panig na ito, lahat lang ng nasa panig na ito tumayo rito sa pasilyong ito rito. Hindi po, dito lang sa kanang pasilyo, kung maaari lang po, dito po. Sa mga usher, magsipunta po kayo sa puwesto n’yo. Kapag natapos na silang lahat dito, patayuin n’yo naman ang iba, kapag natapos na sila, tapos dun naman tayo sa kabilang panig. Ngayon ang lahat po’y maging mapitagan na.

¹⁸⁸ Ang Espiritu Santo’y nangunguna na sa pagtitipong ito, haya’t napakarami nang nasambit at naipangyaring patunay. Ilan po rito ang nananampalatayang narito Siya? Ilan po rito ang nananampalatayang ’yun na nga ang Tanda? Ilan po rito ang nananampalatayang ito mismo ang Salita? [Nagsimulang magbunyi ang kongregasyon—Pat.] Masdan, ilan po rito ang nakakaalam na sinabi rito sa Aklat ng Mga Hebreo, na, “Ang Salita ng Diyos ay kumikilala ng pag-iisip na nasa puso”? Ilan po ang nakakaalam n’yan? Ilan po ang nakakaalam na ang dahilan kung bakit nakikilala ni Jesus ang mga pag-iisip na nasa kanilang puso, ay dahil Siya ang Salita? Ilan po rito ang sumasampalataya riyan? Ilan ang nananampalataya na ’yun mismo ang nandun sa mga propeta? Sila ’yung dinaratnan ng Salita. Ngayon kung ang Salita’y babalik nga sa atin, hindi ba’t ’yun na ’yun din ang gagawin Nito? Kung ganoon ay papaanong ang Salita na napagkilanlan na rito sa Salita, ay mali ayon sa Salita? Oh, kahabag-habag! Pumitagan!

¹⁸⁹ Heto po, ang binibing nakaupo rito, may kung anong bagay siya sa puso niya, siyanga. Nung pagbaling ko ay bigla ko na lang nahagip ’yun. Hindi po ba’t kayo si Gng. Grant? Di ko po ’yun alam. Pero kayo nga si Gng. Grant, dahil nakikita ko ’yun sa inyo. May pagkanerbiyos ka na bumabagabag sa iyo. May, ang iyong anak na lalaki’y may kung anong bagay rin. . . ’yung dugo niya, para bang, umaagas. Hinahamon kita na iyo itong sampalatayanan! Amen. Siya ang Panginoon ng situwasyon. Siya ang Panginoon ng kamatayan.

Manalangin tayo.

¹⁹⁰ Panginoong Jesus, samantalang ang Iyong Presensya ay pinapahiran kami, dito sa gusaling ito rito, at nalalaman namin na ito nga ang Espiritu Santo, dalangin ko, Panginoon, na Iyo pong pagalingin ang bawat tao na gagamit ng mga panyong ito.

¹⁹¹ May isang beses, itinuro sa amin sa Biblia, na ang Iyong bayan, sa mismong pagganap nila ng tungkulin, papatawid na noon sa Dagat na Pula, at 'yung dagat ay nakahambalang sa daraanan nila, sa daan nila patungo sa lupang pangako. Ang Diyos nga'y tumunghay sa pamamagitan ng Haliging Apoy na 'yun roon, na may nangangalit na mga mata, at ang dagat ay natakot, umurong, at ang Israel ay nakapaglakbay na patungo sa lupang pangako, sa mismong pagganap nila ng tungkulin.

¹⁹² Oh Panginoong Diyos, Iyo pong itulot na ang Iyong mga mata'y tumunghay sa Dugo ni Jesus Cristo, pababa sa Tanda na ito rito na amin pong hawak-hawak sa ibabaw ng mga panyong ito ngayon. At nawa ang bawat isang gagamit magsusuot nito, ang sakit nga'y matakot, nawa'y umurong at mapangyari na ang bayan Mo ay makatawid patungo sa pangako ng mabuting kalusugan. "Ang pananalangin ng pananampalataya ay magliligtas sa mga maysakit." Sa Pangalan ni Jesus Cristo, mangyari nawa ito. Amen.

¹⁹³ Ilan po rito ang mga mangangaral na nananampalataya na mga Methodist, mangangaral na mga Baptist, mangangaral na mga Presbyterian, mangangaral na Baptist, Lutheran, o mga Pentecostal? Ilan sa inyo ang sadyang nananampalatayang Ito'y Katotohanan nga? Lumapit lang po kayo rito at tumayo sa tabi ko habang mananalangin tayo sa mga maysakit. Halina po kayo rito, lahat ng mga mangangaral na nananampalataya.

¹⁹⁴ Ayos lang, hindi po ba? Kapatid na Grant, ayos lang po ba? [Sinasabi ni Kapatid na Grant na, "Ayos lang."—Pat.] Uh-huh.

¹⁹⁵ Lumapit na po kayo, kapatid. Si Kapatid na Grant ay may pagmi-ministeryo sa pananalangin sa mga maysakit. Isa siyang magiting na lalaki, mabuting lalaki, isang lalaking dinidinig ng Diyos at tinutugon ang panalangin, si Kapatid na Grant. Ako nga'y labis na natutuwang mailagay ko ang bisig ko sa kanya sa araw na ito at masabi 'yun, at siya'y kapatid ko nga. Ngayon siya'y paparito para manalangin kasama ko.

¹⁹⁶ Maaari po bang sa pagdaan n'yo sa pila rito, ay para bang kayo'y dumadaan sa ilalim ng krus. Kapatid, gumawa lang po kayo ng dalawang pila rito, mula rito. Gumawa lang kayo ng dalawang linya; papuntahin 'yung iba rito, 'yung iba naman sa kabila.

¹⁹⁷ Kapatid na Roy Borders, nasaan ka? Kapatid na Roy Borders, sa palagay ko narito siya. [May nagsasabing, "Babalik siya maya-maya."—Pat.]

¹⁹⁸ Tumingin po kayo rito, sa mga ministro rito, sige po! Tingnan n'yo nga. Napakasarap nga sa pakiramdam nito, mga kapatid. Mga ministro ng krus, lalaking titindig dito upang mapagkilanlan ang sarili nila na kalakip sa Mensahe. Anong puwedeng maganap?

¹⁹⁹ Ngayon, masdan, huwag n'yo pong iasa ito sa mga ministro rito ngayon. Sila'y nagsipunta rito upang mapagkilanlan ang kanilang sarili. Sa pagdaan n'yo po rito, kilala-. . .hawakan n'yo ang Tanda sa harap n'yo, "Panginoong Jesus, inihahayag ko ang aking mga pagkakasala. Bilang kapalit, ipinagkaloob Mo sa akin ang bautismo ng Espiritu Santo. Ako'y binili nang produkto. Kasalanan, karamdaman o anupaman ay di na ako mahahawakan mula ngayon. Ako'y tumatawid na sa tama." Hawakan n'yo lang 'yan, oh, sa harap n'yo, at dumaan kayo rito, ang pagagalingin kayo ng Diyos at kayo'y lalabas ng dako na ito na nagbubunyi, nagagalak, at magaling na. Inyo po bang sinasampalatayanan ito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

²⁰⁰ Ngayon bawat isa po rito, iyuko po natin ang ating mga ulo, mga kapatid, nang sama-sama. Hindi natin alam kung ano ang mangyayari. Sadyang hindi natin alam. Wala ngang kahit anong rason para ang isang tao'y lumisan ng gusaling ito na may sakit pa rin ngayong hapon. Hawakan n'yo ang Tanda na 'yan sa inyong puso, dumaan kayo sa pila para sa pananalangin dito; kung saan may mga ministrong, inihandog na nila ang kanilang buhay sa—sa gawain, na tatayo rito, magpapatong ng kanilang mga kamay sa inyo sa pagdaan n'yo.

Sasabihin n'yo, "Para saan at ginagawa mo ito, Kapatid na Branham?"

²⁰¹ Gusto kong inyong, lahat kayo, na malaman n'yo na hayan nga't. . .Di po ako ang nagpapagaling. Ang mga kalalakihang ito rito ay may ganoon ding karapatan na manalangin para sa mga maysakit gaya ng sinupaman. Sa totoo lang, naniniwala nga akong sasagutin ng Diyos ang kanilang pananalangin bago Niya sagutin ang panalangin ko. Ako'y pagod na pagod na't hapo na't, lahat na. Ako'y—ako'y naniniwalang sasagutin Niya ang pananalangin nila. At heto nga silang nakatayo mismo sa gitna rito, upang mapagkilanlan ang mga sarili, hindi nahihya na isantabi ang posisyon nila. Nalulugod ako sa kalalakihang gaya nito.

²⁰² Ngayon, mga kapatid, alam ko ang pakiramdam n'yo. Ako, ako'y isa sa inyo. Ako 'yung naghabi ng lambat ko kasama n'yo, dito sa Texas, para hulihin ang bawat isa sa kanila na mga isda na itinalaga ng Diyos sa Buhay, na nasa kung saang dako. Akin lamang ginagawa ang pinaka mainam na magagawa ko. Ako'y kaisa sa inyo, siyento porsiyento. Kung minsan ako'y nakaka bulyaw at nakaka sigaw tungkol sa mga organisasyon at mga bagay-bagay. Hindi ibig sabihin n'yan ay laban po ako sa inyo, kapatid ko. Ang ibig ko lang iparating ay laban ako sa sistema na naghihiwalay sa atin bilang magkakapatid, nang dahil sa kung anong maka-relihiyong doktrina. Tayo'y magkakapatid sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo. Hawak-hawak natin ang siya ring Tanda na 'yun. Tinanggap natin ang siya ring

Dugo na 'yun, kaya sampalatayanan po lamang natin ito. Maaari tayong magtagpo-tagpo Roon (di po ba?), mga kapatid, bawat isa na nasa ilalim ng Dugo.

²⁰³ Ngayon, ako po'y naordenahan sa Baptist. Marahil kayo'y Methodist, o Lutheran, o Presbyterian, Pentecostal, Oneness, Twoness, Threeness, o anupaman 'yan sa inyo, Church of God, anupaman. Wala pong kaso 'yan. Kung di tayo magkasundo sa maliliit na bagay, haya't kalimutan natin ang tungkol sa mga ito kung ganun.

²⁰⁴ Isang bagay ang maaari nating pagkasunduan, na si Jesus Cristo na ating Tagapagligtas ay namatay para sa ating mga kasalanan, bumangon muli at ipinagkaloob sa atin ang Tanda. Tayo'y nakatayo ngayon dito kalakip ng ating pananalangin, na ipinapatong natin sa mga may sakit nating kapatid na mga lalaki't babaing dumadaan sa pila rito. Sasampalatayanan ko nga ito nang buong puso ko.

²⁰⁵ May mga bagay akong nakita ngayon-ngayon lang. Amen. Alam kong iniisip n'yong nababaliw ako, pero napaka ginhawa ng pakiramdam ko sa pagkabaliw na ito. Kung maaari lang sanang manatili ako sa kalagayang ito. Siyanga, po. Sadya ngang napaka ginhawa ng pakiramdam kong ito.

Manalangin tayo.

²⁰⁶ Panginoong Jesus, ako po'y lalakad sa entabladong ito, pababa rito, upang mapagkilanlan ko ang aking sarili sa mga kapatid na narito. Aking ipagkikilanlan ang aking sarili sa kanila, habang lahat kami'y hawak-hawak namin ang aming mga Tanda sa aming mga kamay, at aming mga puso. Habang sumusunod po kami sa Iyong utos, "na patungan ng mga kamay ang mga maysakit, at sila'y magsisigaling." Nawa ang bawat isa na dadaan sa dakong ito, ay maipakita nila ang kanilang Tanda, na natanggap na nila ang Espiritu Santo, na sila'y anak na naipanganak nang muli ng Diyos, na sinasampalatayanan na nila ito nang buong puso nila. At sa kanilang pagdaan, nawa po'y mapalayas na nila ang sakit at karamdaman ng kanilang katawan. At sila nawa'y lumabas ng dakong ito na nagbubunyi, dahil nalalaman nilang ang pananampalataya nila'y pinabuti ang kalagayan nila.

²⁰⁷ At, Panginoong Diyos, habang ipinapatong namin, gaya sa Lumang Tipan, ang aming mga kamay sa ibabaw ng hain, para maipagkilanlan ang aming mga sarili sa hain, ipinapatong po namin ang aming mga kamay kay Jesus at ipinagkikilanlan namin ang aming sarili sa Kanya. Kanya ngang ipinatong ang Kanyang mga kamay sa amin ngayon sa pagmi-ministeryo, ipinakilala ang Sarili sa amin, sa pamamagitan ng mga tanda't kababalaghan. At heto nga kami ngayon na ipinapatong namin ang aming mga kamay sa mga maysakit, upang ipagkilanlan namin ang aming mga sarili sa mga taong ito, kalakip ng aming

pananampalataya na lumalakip sa kanila. Ang karamdaman ay kailangang lumayas na, at nawa'y maipangyari ito sa Pangalan ni Jesus Cristo, habang kami'y lalakad na rito upang tanggapin na ito.

Ang buong kongregasyon po'y manalangin.

208 Si Roy o kung sinuman lumapit lang dito at tumayo sa tabi ng mikropono, at panatilihing tuwid ang mga pila.

209 Tingnan n'yo, habang dumadaan kayo rito ngayon, lumapit nga kayo na nananampalataya, lumapit kayo na nananalangin. Amin ngang papatungan ng mga kamay ang maysakit. Lumapit kayo na ganoon. Manalangin. Sa pagdaan n'yo rito sa linya ng mga ministro; kung kayo'y lumalakad na nakasaklay, ilapag n'yo ang mga saklay at humayo na kayo. Kung kayo'y may kanser, sakit, sabihin n'yo, "Ginawa na ng doktor ang lahat ng magagawa niya, ginawa na niya ang magagawa niya, at sinabi niya na mamamatay na raw ako. Hindi ako mamamatay. Heto po ang aking Tanda, Panginoon. Iyong ipinangako ito nang tatlong makadalawampu't sampu. Ako'y dadaan na nga rito, kamit-kamit 'yun." Kita n'yo, 'yan ang gawin n'yo. Magagawa n'yo ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sa Pangalan ni Jesus, mangyari nawa. Amen.

210 Sige, palakarin n'yo na ang pila. [Si Kapatid na Branham at ang mga ministro ay nananalangin para sa mga maysakit, habang pinangungunahan ng isang kapatid na lalaki ang kongregasyon sa pag-awit ng *Only Believe* at iba pang awitin. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

I believe!

All my doubts are buried in the Fountain.

211 Sinasampalatayan n'yo ba ito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Amen. Oh, hindi ba't kahanga-hanga Siya? ["Amen."] Ilan sa kanila na nakaratay sa mga higaan na 'yan at stretcher, sila nga'y tumayo at lumakad na; iniwan na nila ang mga higaan, at lumakad na. Oh, bawat isa'y sadyang gagaling ngayon, na mga sumasampalataya rito. Sumasampalataya ba kayo? ["Amen."]

212 Bigyan mo kami ng isang tipa, *I Love Him*, sige po, kapatid na babae; 'yung lumang awitin na 'yun, "I love Him, I love Him because . . ."? Itaas lang natin ang ating mga boses, at ating mga kamay, ating mga puso, sa Diyos, at awitin ito, "I love Him, I love Him, because He first loved me." Bawat isa ngayon.

I love Him, I love Him

Because He first loved me

And purchased my salvation

On Calv- . . .

213 Heto ang isang ginang, na nakatayo na mula sa silya de gulong, nakakapaglakad na habang inaalalayan ng dalawang

lalaki. "I . . ." Iwagayway natin ang ating mga kamay sa Diyos, "I love Him!"

I love Him, I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's . . .

Purihin lamang natin Siya ngayon, bawa isa!

²¹⁴ Luwalhatiin ang Diyos! Higit-higit ang pasasalamat namin sa Iyo, Panginoong Jesus, dahil sa Iyong kabutihan at Iyong Presensya. Oh, pinasasalamatan Ka namin para rito sa Tanda, Panginoon. Kami nga'y naligtas at napuspos ng Espiritu, ang Espiritu Santo'y dumadaloy sa aming mga katawan ngayon. Lubos Ka nga naming pinasasalamatan, Ama! Oh, sa Pangalan ni Jesus kami'y nagpapasalamat sa Iyo. Amen. Amen.

²¹⁵ Ang bawat isa po'y magkamayan, sabihin, "Purihin ang Panginoon!" Kamayan n'yo ang kamay ng bawat isa, sabihin, "Purihin ang Panginoon! Purihin ang Panginoon!" (. . .? . . .) Sige po, ngayon, ang bawat isa po muli.

I love Him, (itaas n'yo ang inyong mga kamay, itaas n'yo ang inyong mga puso) I . . .
(ipahayag n'yo lamang ito na nanggagaling sa puso n'yo)
Because He first loved me (Ikaw ba ang magtatapos ng gawain?)
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

²¹⁶ Ngayon iyuko po natin ang ating mga ulo nang may buong pagpipitagan, habang ibinibigay ko ang gawain ngayon kay Kapatid na Grant para sa pagsasara; na pinasasalamatan ang bawat isa sa inyo. Unang-una, pinasasalamatan ang Panginoon dahil sa Kanyang kabutihan, Kanyang habag, at sa katiyakan na umaasa akong maipapabaon namin sa inyong puso, na tayo ay di lang nag-iisa rito. Ang ating dakilang Punong Kapitan ay narito sa piling natin. Ang sigaw ng Hari ay nasa kampo. At pinasasalamatan natin ang Panginoon, na hayang kitang-kita talaga natin ang dakila Niyang kapangyarihan at dakila Niyang habag. At ngayon atin na pong iyuko ang atin mga ulo nang may buong pagpipitagan. Kapatid na Grant.



ANG TANDA TAG64-0308
(The Token)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng hapon, Marso 8, 1964 sa Soul's Harbor Temple sa Dallas, Texas, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2017 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org